

# ANG KAKATWANG TAO



Manatili lamang tayong nakatayo ng sandali. Pinakamahal na Panginoon, muli kaming lumalapit sa Iyong Makalangit na presensiya sa pamamagitan ng pananalangin; una, upang pasalamat Ka sa lahat ng Iyong ginawa sa amin, at sa dakilang pag-ibig na nasa aming puso para sa Iyo at sa Iyong Salita. Panginoon, ang mga taong ito, sa gabing ito, na iniibig ko ng aking buong puso, nagsipagtiis sila at pumarito upang umupo sa isang mainit na silid, at higit pa, sapagkat mahal nila ang Iyong Salita.

<sup>2</sup> At narito kami upang ipanalangin ang may sakit, sa gabing ito, Panginoon, at ang nangangailangan. Nawa'y huwag magkaroon ng mahinang loob na tao sa aming kalagitnaan sa pagtatapos ng gawaing ito. Gantimpalaan sila sa kanilang katapatan, Panginoon. Mangusap Ka sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita, at palakasin kami, Panginoon, habang nagpapatuloy kami, taglay ang kadustahan. Isang malaking pribilehiyo ang gawin ito! Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Maaari na kayong makaupo.

<sup>3</sup> Wala akong masusumpungang sapat na mga salita, mangyari pa, upang ipahayag ang aking pasasalamat sa ganitong kalipunan ng mga tao, na pumarito at umupo sa gusaling ito. Nais kong sabihin, na, bukas...O, pupunta kami sa banda ng Topeka, Kansas, para sa susunod na pagtitipon, at iyan ay hanggang sa susunod pa na Linggo iyon. At tutuloy kami, mula roon, sa Philadelphia.

At, ngayon, dapat ay tutungo rin kami sa ibayong dagat, doon sa Kenya, at Tanganyika, at Uganda, sa mga—mga tribu roon. At mayroon silang kaunting himagsikan ngayon doon sa Mau Maus. Hindi ako makapasok roon bilang isang misyonero, subalit susubukan kong makapasok doon bilang isang mangangaso. Pupunta kami roon, at inihahanda na nila ito.

<sup>4</sup> Kadalasan, pumupunta ako bilang isang misyonero at naghahanting, sa pagkakataong ito ay pupunta ako para bilang isang mangangaso, at maging isang misyonero. Kaya, doon—doon, kahit anumang paraan na makapasok ako roon sa kanila. At si Kapatid na Mattsson-Boze ay kumikilos na, sinisikap niyang makapasok ako, at inihanda ang isang safari na ako'y mapabilang upang pumaroon na mangangaso. Buveno, kung gayon, makapasok ako sa safaring ito, pagkatapos sasabihin niyang, “Nasa bayan ang Kapatid nating Branham.” Pupunta roon sa embahada, “Ayos bang magdaos kami ng isang maliit ng pagtitipon dito?” Kita n'yo? Iyon ang magiging pasimula

noon, at ito'y magpapatuloy na. Kaya hindi namin alam kung magiging ganoon iyon, magagawa natin iyan, o hindi. Sinisikap namin. At humiling ako sa Panginoon, kung mayroong bagay na mangyayari na hindi niya magawa, kung ganon magiging tanda ito sa akin na ako'y babalik dito sa Jeffersonville at ipangaral ang *Mga Pitong Trumpeta*, bandang Hulyo o Agosto, saan man banda riyon.

<sup>5</sup> At pagkatapos, kung magagawa natin, itong nakikita natin ngayon, sisikapin nating kunin itong silid-aralan dito na air-conditioned, 'pagkat ito'y totoong napakainam at malamig. Nasa mga labing-lima hanggang labing-walong daang katao ang makakaupo. At ito'y air-conditioned, isang bagong-bago na lugar, higit ng mga halos limang parisukat dito. At kinausap na natin iyon ng minsan, at hindi sila pumayag na gamitin natin iyon. At ang lalaking hindi pumayag na magamit natin iyon ay pinatalsik sa pangasiwaan. Kaya ngayon, ang lalaki na naroon ngayon doon ay nagsabing magagamit na natin iyon anumang oras na gusto natin. Kaya tayo ay—tuwang-tuwa tayo na kunin iyon. At maaari na nating kunin iyon ngayon, para sa mga bandang Hulyo, at mayroong . . . ilan ba ang mananalangin, para sa kalooban ng Panginoon ngayon, kung mayroong bagay na magiging hadlang sa atin? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>6</sup> Alam n'yo, gusto ko ang Arizona. Ito'y isang kahanga-hangang lalawigan. Inaasam ko laging mamalagi roon.

Kung maaari mong itulak iyan ng kaunti, Kapatid na Ben, kung maaari, kung ito'y . . . Oh, na Opo, ginoo. Opo. O, kung sino man ang nariyan, na maitaas lamang ito ng kaunti, 'pagkat natatakpan ako nito . . . [May nagsabi, "Teyp, mga kapatid"—Pat.] Ano ang sabi? ["Mga teyp lamang iyon."] Oh, mga teyp lang pala. Oh, mayroon pang isa banda rito. Pagpasensiyahan n'yo ako. Okey, Kapatid na Ben. Kaya ako . . .

<sup>7</sup> Pagbalik galing ng Arizona, papunta rito, ay dumulot sa akin ng kaunting pamamaos, dahil sa pag-iba ng klima. Dito ay nasa mga walumpu't-pito hanggang siyamnapu, at minsan ay isang daang porsiyento, na kahalumigmigan. At umabot roon hanggang sero, at kung minsan naman, nasa katamtaman, ika-dalawampu ng isang porsiyento ng kahalumigmigan. Parang nabubuhay ka sa ilalim ng tolda na naka-oxygen. At lumabas ka riyon pagkatapos, tutungo rito, alam n'yo na kung ano ang malaking kaibahan na idudulot nito sa inyo. Kaya nakakasagabal ito sa inyong boses, at iba pa.

Hatakin ito pabalik sa dati, kung maaari, Kapatid na Ben. Nagkamali ako sa pagpapaalis nito. Akala ko'y doon iyon, ngunit banda *rito* kung saan nila itinaas ito kanina.

<sup>8</sup> Ngayon ay idalangin n'yo kami, bawat isa sa inyo. Pinasasalamat ko kayo. Sinabi sa akin ni Billy na may nagdala

sa amin ng isang buslong ng mga milokoton, at mga maliliit na regalo na inyong...hindi ko kayo mapapasalamat na ng sapat. Ako—hindi ko alam kung paano ko gagawin iyon. At nararamdaman ko—ko ang hiya na tumanggap ng ganiyang mga bagay mula sa inyo. Dalangin ko na pagpalain kayo ng Diyos, at alam kong gagawin Niya iyon, sapagkat sinabi Niya, “Yamang inyong ginawa ito sa mga pinakamaliliit na ito, ay sa Akin n’yo ito ginawa.” At pagpapalain kayo ng Diyos, nakatitiyak ako.

<sup>9</sup> At ang Arizona bilang isang napakagandang lalawigan, mayroon lamang isang bagay na aking pinanabikan, iyan ay, kayong lahat. Tama ‘yan. Kinasasabikan ko kayong lahat. Ako—hindi mahalaga sa akin kung saan ako pupunta, ako—ako... hindi ito, hindi kayo iyon. May mga kaibigan ako, kahit saan sa mundo, ngunit ito—ito’y hindi—hindi lahat tulad sa inyo. May isang bagay rito sa maliit na grupong ito na...Hindi ko alam. Lagi silang nasa isip ko.

<sup>10</sup> At sa Tucson, isang pang-turistang lungsod ito, alam n’yo na, at ang mga simbahan doon ay naghahatakan, alam n’yo. Totoong mahirap iyon. Hindi gaanong espirituwal; at, dahil sa kompetensiya, na napakalakas; at naging mahirap ito. Kung maaari ko lang kayong pagsasamahin, pati na ang simbahan, pagkatapos ay mamuhay roon, sa palagay ko ito’y ayos lang. Kita n’yo? Subalit palagay ko, hanggang mananatili to na isang iglesya, at lahat kayong dumadalo pa, mananatili pa rin ako rito, hanggang sa pagdating ni Jesus.

<sup>11</sup> Kaya idalangin n’yo ako, tulad ng sinabi ko kanina. Hindi ko sinasadyang ulitin ito, datapuwa’t kapag nakaharap ako sa inyo, ako—kinakabahan ako, at nagiging mapanglaw ako, at sentimental, at nerbiyoso, pati. Ganiyan ako, noon pa man, kaya ako...kabadong-kabado ako sa loob-loob ko. Datapuwa’t alam kong saan man ako paroon... wala akong isang—isang grupo sa mundo, na aking kilala, na tumatangkilik sa akin gaya ng grupong ito. Loobin nawa—nawa ng Diyos na hindi tayo magkahiwalay, maging, sa Kaharian na darating, nawa’y magkakasama tayo roon; iyan ang aking dalangin.

<sup>12</sup> Habang nakaupo ako rito sa pintuan, nakikipag-usap kay Bill Dauch, kani-kanina lamang bago makapag-akay muli ng isang taong nagbalik-loob kay Cristo, doon sa kabilang silid. Subalit habang nakaupo ako roon na nakikipag-usap sa kaniya, siyamnapu’t isang taong gulang, ang sabi niya, “Ako—ako’y nanghihina na. Ang aking mga mata ay hindi na tulad ng sa dati.”

At sa palagay ko, dalawang taon na ang nakalipas, nakatagpo ko siya nang magkaroon siya ng ganap na sakit sa puso at nabaradong puso, agaw-buhay siya. At ang mismong gumagamot sa kaniya na doktor, na nagsabing hindi na siya maaari pang gumaling, ang doktor ay patay na. At

narito nakaupo si Bill Dauch, kita n'yo, isang siyamnapu't-isang taong gulang. Ang sabi ko, "Bill, wala ka ng silbi sa ibabaw ng lupa kung pag-uusapan ang paghahanapbuhay at mga bagay na tulad niyan. Datapuwa't hiniling ko, 'Bigyan ka ng Diyos ng kalakasan,' sapagkat mahal na mahal mo ang mga pagtitipon." Ang siyamnapu't-isang taong gulang na taong iyon ay nilalakbay ang bansa sa pamamagitan ng kotse, mainit, tagtuyot, tag-ginaw, paiba-iba, anuman iyon, makapakinig lamang sa Salita. Pagpalain ng Diyos ang magiting na kaluluwang 'yan. Ngayon hindi ko . . .

<sup>13</sup> Mayroon pa akong isang ipagpapaumanhin, tulad na napatagal ako kaninang umaga, sa loob ng tatlong oras. At hindi rin ako naging makatarungan sa mensahe, dahil pinutol ko ito, at iniwan ang ibang bahagi nito, at nilaktawan ang ibang bahagi nito, at iba pa. Iyan ang dahilan na sinabi ko sa kanila huwag munang ilabas ang teyp. Ipagpatuloy ko muli iyon kung saan may dakong malamig o isang bagay. At ako—ako—nadarama ko ang Espiritu, subalit tinitingnan ko kayo at nalalaman kong namamaypay kayo at alam na naiinitan kayo, at—at tunay na nasasaktan ako. Hindi ko nais na mahirapan kayo; ako—nais kong maging komportable kayo. Kita n'yo? At nag-alala ako tungkol diyen.

<sup>14</sup> Katulad nang, kapag nakikita ko ang mga taong may sakit; kung hindi ko—kung hindi ko madama ang mga taong may sakit na iyan, wala akong magagawang mabuti sa kanila. Ako—kailangang madama ko ang kalagayan nila. At gayon din naman sa—sa inyo; Ako—kailangang madama ko ang kalagayan ninyo, o hindi ako maaaring maging kapatid ninyo. Kita n'yo? Ako—kailangang madama ko ang kalagayan ninyo. At, ginagawa ko iyan; Alam ng Diyos na iyan ay totoo.

<sup>15</sup> At ngayon, sa gabing ito, nais kong manalangin para sa may sakit.

At nais kong, tao sa . . . tao, at pagpalain ang kalalaking ito, at si Kapatid na Collins, at si Hickerson, si Kapatid na Neville, si Kapatid na Capps, ang mga katiwala, at lahat, para sa magagandang balita sa dumarating, kung paano ninyo isinaayos, ginayakan ang simbahan, at kung paanong ang lahat ay nasa ganap na kaayusan. Nagpapasalamat ako sa inyo. Pagpalain kayo ng Panginoon sa pagsisikap ninyong magdala ng kaayusan. At napakaraming sulat ang dumarating sa Tucson, sa akin, "Kapatid na Branham, hindi na katulad ng dati. Napakalaki na ng pagbabago, tunay ngang mapalad ang madama ang Presensiya ng Diyos." At ako'y—ako'y nagpapasalamat para riyen. Pagpalain kayo tuwina ng Panginoon!

<sup>16</sup> Kung gayon, ngayon, sa gabing ito, binabasa ko rito sa Kasulatan ang isang maliit na bahagi, upang—upang magbahagi ng ilang pananalita, upang mangusap at bumasa ng

Kasulatan, at pagkatapos marahil ay dalawa pang Kasulatan, pagkatapos mangusap sa inyo ng mga ilang sandali at mananalangin ako sa maysakit pagkatapos. Hindi kundi mga ilan sandali lamang; minamasdan ko ang orasan, at sisikapin kong gawin itong mabilisan kung maaari. Subalit naniniwala akong kapag kalipunan ng mga tao ay samasamang nangagkakatiyon, kung walang pagbabasa ng Salita o gagawa ng isang bagay, ilang pagpapalakas ng pananampalataya, kulang ang pagtitipong iyan.

<sup>17</sup> Marami ang naghintay sa inyo. Marami sa inyo ang maglalakbay pa ng milya-milya ngayong gabi. Gaano kong hinahangaan iyan! Gaano ko tinitingnan at nakikita ang bawat isa, at naiisip ang tungkol. . . Doon sa Arizona, naisip ko, “Kung magkikita kaming muli, sasalubungin ko kaagad siya at kakamayan at yayakapin siya.” At narito ngayon nakaupo kayo rito, at kung saan, narito rin ako, alam n’yo? Hindi ko alam kung sa alin dito ako mag-uumpisa, at kung. . . paano tatapusin ito. Datapuwa’t, siyanga, mahal ko kayo. Mahal kayo, Diyos, din.

<sup>18</sup> Ngayon sa palagay ko, kung hindi ako nagkakamali, kung hindi ko nakuha ang—ang maling Kasulatan na nakalapag dito, nais kong bawasan mula sa Unang Mga Taga Corinto, ang unang kabanata, simula sa ika-18 talata, at basahin din natin ang Ikalawang Mga Taga Corinto 12:11, para kumuha ng isang teksto. Ngayon kapag nakita ko ang mga iyon kaagad, at kung gayon babasahin natin, at pagkatapos ay manalangin at mag-uumpisa tayo kaagad, habang mangungusap ako sa inyo ng ilang minuto sa isang maliit na paksa. Sa unang Mga Taga Corinto, ang unang kabanata, simulan natin sa ika-18 na talata.

*Sapagka’t ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; ngunit ito’y kapangyarihan ng Diyos sa atin na nangaligtas.*

*Sapagka’t nasusulat, iwawalat ko ang karunungan ng marurunong, at isasawala ko ang kabaitan ng mababait.*

*Saan naroon ang marurunong? saan naroon ang eskriba? saan naroon ang mapagmatuwid sa sanglibutang ito? hindi бага ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan?*

Muli kong sisipiin iyan? “Hindi бага ginawa ng Diyos na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan?” Ano kung gayon ang karunungan ng sanglibutang ito? Kamangmangan.

*. . . hindi бага ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutang ito?*

*Sapagka’t yamang sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, ay kinalugdan ng Dios na iligtas ang mga nagsisampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral.*

Maaari ko bang basahin muli ang talatang iyan? Pakinggan n'yo ng maigi.

*Sapagkat yamang sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, ay kinalugdan ng Dios na iligtas ang mga nagsisampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral.*

*Ang mga Hudyo nga ay nagsisihingi ng mga tanda, . . . ang mga Griyego ay nagsisihanap ng karunungan:*

*Datapuwa't ang aming ipinangaral ay ang Cristo na napako sa krus, na sa mga Hudyo ay katitituran, . . . sa mga Griyego ay kamangmangan;*

*Ngunit sa kanila na mga tinawag, kapwa Hudyo at Griyego, si Cristo ang kapangyarihan ng Dios, at ang karunungan ng Dios.*

*Sapagka't ang kamangmangan ng Dios ay lalong marunong kaysa tao; at ang kahinaan ng Dios ay lalong malakas kaysa tao.*

<sup>19</sup> At sa Ikalawang Mga Taga Corinto ang kabanata ay ika-12, sa ika-11 na talata, si Pablo ang nangungusap.

*Ako'y naging mangmang; pinilit ninyo ako; ako sana'y dapat ninyong purihin: sapagka't sa anoman ay hindi ako naging huli sa lubhang mga dakilang apostol, bagaman ako'y walang kabuluhan.*

<sup>20</sup> Manalangin tayo. Panginoong Jesus, magdagdag dito sa mga kaunting salitang ito, sa gabing ito, na binigkas na sa mga nakalipas na panahon, sa pamamagitan ng isang dakilang apostol na si Pablo, na nawa'y lumayo kami sa pamamagitan ng aming pakikinig dito sa gabing ito, na maiukol namin ito sa aming mga buhay, na kami ay maging isang—isang gawa ng kamay ng Diyos, ginawa sa anyo ng Kaniyang pinili para sa atin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>21</sup> Mangangaral ako sa gabing ito ng mga ilang minuto, kung loloobin ng Panginoon, sa isang paksa na: *Ang Kakatwang Tao*. Ngayon, iyan ay isang napakagaspang, marahas na paksang pag-uusapan, ngunit iyan ang, sa palagay ko, maaaring higit kumulang ang magsasaysay na nais kong sasabihin.

<sup>22</sup> Alam n'yo, mas maraming mga bagay, sa panahong ito, na ang mga tao ay nagiging mga *kakatwang tao*, kung ating tawagin. At ang pananalitang iyan, kung mayroon mang hindi pa nakarinig nito, nangangahulugan ito na isang tao na “kakaiba,” isang tao na kung saan ay “kakatwa” sa iba. At walang pag-aalinlangan datapuwa't karamihan sa atin ay kakaiba, sa isa't isa.

<sup>23</sup> At, ngayon, naglalakad ako minsan sa kalye ng Los Angeles, California, at nakakita ako ng isang taong napaka

kakatwa, kumikilos ng kakatwa. Naglalakad siya sa kalye, hindi nagwewelga, ngunit tulad lamang ng isang pagala-gala makatapos ng tanghali. At pumunta ako roon sa kabilang kalye, upang tingnan kung ano ang kaniyang ginagawa. Napapalingon ang lahat, natatawa sa kaniya, dahil sa kaniyang kaibahan.

Napansin ko na mayroon siyang karatula sa dibdib na nakasabit. At sa loob-loob ko alam ko na kung bakit siya pinagtatawanan ng lahat, dito sa kakatwa, kakaibang tao. At siya nga ay. . . Napansin ko habang tinitingnan siya ng mga tao, pinag-tatawanan nila siya, at—at, subalit mayroon siyang tila kakaibang ngiti, isang ngiti ng kasiyahan. Ang mga ngiti ng mga tao sa kaniya ay parang may pangangutya sa kaniya, subalit tila nasisiyahan siya sa kung ano ang ginagawa niya.

<sup>24</sup> Buweno, isang malalim na palaisipan iyon, kapag ang isang tao ay nasisiyahan, at tama ang kaniyang ginagawa. Bagaman isang kakatwang tao siya para sa iba pa, kung nasisiyahan siya sa kung anong ginagawa niyang tama, kung gayon hayaan mo siyang manatili roon.

At habang papalapit ako sa aba na lalaking ito, napansin ko sa. . . sa kaniyang dibdib, ay may isang plaka o tabla, na may nakasulat, “Ako’y isang hangal,” at sa bandang ibaba, ay may nakasulat, “para kay Cristo.” “Ako’y isang hangal,” sa malalaking mga titik; sa bandang ibaba, ang sabi, “para kay Cristo.” At natatawa ang lahat rito.

<sup>25</sup> At habang nakikipagsiksikan ang abang lalaking ito roon sa mga taong manunuya at iba pa, bumaling ako upang tingnan kung ano ang nasa kaniyang likuran. At mayroong isang malaking tandang pananong sa kaniyang likod, at sa bandang ibaba, ang sabi, “Ngayon kanino ka hangal?”

<sup>26</sup> Buweno, sa loob-loob ko—ko mayroon siyang ipinahiwatig doon, kita n’yo, datapuwat tila kuntento na siya na naging isang hangal siya para kay Cristo. At naging gayon si Pablo na kaniyang sinabi, “isang hangal” para kay Cristo.

<sup>27</sup> Si Kapatid na Troy, doon sa Full Gospel Business Men, isa sa pinakamatalik kong kaibigan, siya—siya’y isang mangangatay ng karne. At nagkaroon siya ng isang uri ng mikrobyo sa kaniyang kamay, mula sa pagkakatay niya ng karneng baboy minsan. May ilang mga lalaki, o mga babae, na maaaring alam kung anong uri ng mikrobyo iyon; subalit ito’y pupudpurin ang iyong lamang nito. Kaya, para mailigtas ang kaniyang buhay, kakailanganin nila na—na putulin ang tatlong mga daliri nito. At mayroon lamang dalawang daliri ang isa niyang kamay, ganon pa man mangangatay pa rin siya ng karne.

<sup>28</sup> At may isang maliit na Aleman na kasama niya sa trabaho sa isang—isang katayan ng karne, doon sa Los Angeles, kaya siya—sinisikap niya na akayin kay Cristo ang maliit na Aleman na ito. At ang sabi niya isang “Lut’eran” siya, at walang anuman

iyon sa kaniya. Masaya na siya bilang isang Cristiyano, dahil napabilang siya sa simbahan ng “Lut’eran”, habang sinasaysay niya ito. Kaya isang gabi si Kapatid na Troy ay nagkaroon ng prebilehiyo na maisama siya sa iglesya.

<sup>29</sup> Si Henry ang pangalan niya. At ang Henry, sa Aleman, ay “Heinrich,” at kaya tinatawag nila siyang “Heini.” Narinig n’yo na ang ganoong pananalita. Ang sabi niya, “Heini, maanyayahan ba kita mamayang gabi sa panambahan?”

<sup>30</sup> “Buweno,” ang sabi niya, “Palagay ko’y sasama ako.” Kaya’t sumama siya sa isang pagtitipon na makaluma na kung saan mayroon silang gawaing pananalangin, at humantong siya sa ilalim ng tunay na kombiksiyon, at ibinigay niya ang kaniyang puso kay Cristo.

Oh, nang sumunod na araw, ang maliit na Aleman na ito ay puno ng kagalakan. Bawat may pagkakataon lalakad-lakad na lang siya sa loob ng gusali, na ang mga kamay ay nakataas, na nagsasabi, “Papuri sa Diyos! Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus!” at nakuha niya ang pansin ng lahat, ang lahat sa kanila.

<sup>31</sup> Kita n’yo, naging kakatwang tao siya sa lahat ng mga mangkakatay ng karne roon. At habang kumakatay siya, at mag-uumpisa siyang magbulay tungkol sa Panginoon, at sisimula na siyang iiyak. Inilalapag niya ang kaniyang pangkatay, at lalakad paakyat-at-pababa sa daanan, hindi nag-iisteriko, kundi nakikipag-mahalan lamang kay Cristo, na nagsasabi, “Oh, gaano Kita kamahal, ‘Jesus!’” Alam n’yo na, palakad-lakad lamang ng paroo’t parito.

<sup>32</sup> At dinatnan siya ng kaniyang amo at nakitang ginawa niya ito, at habang lumalakad siya, umiiyak siya. At, ang amo, hindi niya napansin ang amo; si Jesus ang nasa isipan niya. At lumalakad siya pababa, habang itinataas ang mga kamay niya, at umaagos ang mga luha sa kaniyang mga pisngi, na sinasabi, “O Diyos, mahal na mahal Kita!”

At sinabihan siya ng kaniyang amo, “Heini, ano ba ang nangyayari sa iyo?” Ang sabi niya, “Ang lahat sa—sa mga narito ay nag-uusap-usap tungkol sa ’yo. Ano ba ang nangyayari sa iyo, Heini?”

<sup>33</sup> Sumagot ang maliit na Aleman, “Oh, amo!” Ang sabi niya, “Luwalhati sa Diyos, naligtas ako!”

Ang sabi niya, “Naano ka?”

Ang sabi niya, “Naligtas ako!” Ang sabi niya, “Sumama ako kay Kapatid na Troy doon sa isang maliit na misyon, at ako—ako’y naligtas. At pumasok si Jesus sa aking puso, at punong-puno ako ng pag-ibig!”

Ang sabi niya, “Napunta ka siguro roon sa isang grupo ng mga hibang na iyon.”



34 Ang sabi niya, “Siya nga!” Ang sabi, “Luwalhati sa Diyos!” Ang sabi, “Salamat sa Diyos sa mga hibang na iyon!” Ang sabi niya, “Alam n’yo, parahin mo ang isang kotse na dumarating, at kunin mo ang lahat ng mga tuwerka nito, wala kang makukuha rito kundi isang bungkos ng ‘basura!’ ”

35 Buweno, hindi ko alam subalit tama ang maliit na Aleman na ito. Tanggalin mo lahat ng mga sira-ulo? Ang sira-ulo ang humahawak dito upang manatili iyon. At naniniwala ako na iyon din ang humahawak sa iglesiya upang manatili iyon ng ilang panahon, humahawak din sa kabihasanan upang manatili.

36 Ngayon, nang umuwi kami galing sa isang dalaw sa Prescott, mga ilang araw na ang nakalipas. Tinitingnan ko ang disyerto at napansin ko na kung paano sa Phoenix ay may roon silang mga Halamanang Hapon, at may mga bulaklak sila roon, nag-gagandahang mga bulaklak. Na kung saan, noong ako’y bata pa sa lugar na iyon, inaalagaan ko ang aming mga baka sa mga lugar na iyon. Ang mga baka, dahil walang mga damo, kaya’t nabubuhay lamang sila sa mga buto ng mga kaktus at iba pa.

37 At pagkatapos napansin ko na mayroong isang—isang muling pagsasa-ayos upang mapakinabangan ang disyerto. At matatagpuan natin sa disyerto, ang mga kaktus at mga bulaklak. At sa aking bahay roon, o sa aming inuupahang bahay, kay Sister Larson, palagay ko’y narito siya kaninang umaga, nakita ko siya. At mayroon siyang isang halamanang bulaklak sa labas ng—ng bahay; may kaunting lupa. Buhangin lahat ang naroon, kung kaya’t mayroon siyang kaunting lupa doon sa halamanang bulaklak sa magkabilang bahay. At tuwing umaga ay kailangan kong bumangon at diligan ang mga bulaklak na iyon. Kung hindi sila didiligan, mamamatay ang mga ito. At sila’y . . . At pagkatapos, kukuha muli, ako ng ilang pangbomba na gamot at bombahin ang mga iyon, upang walang mga uod; mga peste na kakain sa mga ito.

38 At pagkatapos lumakad-lakad ka ng kaunti lagpas doon, mga tatlumpong talampakan mula roon, may mga bulaklak na tumutubo, at doon sa disyerto tumutubo ang mga ito. At maari mong hukayin ng mga dalawampung talampakan at tulad lamang ito ng isang lagayan ng pulbo, walang anumang bagay kundi buhangin, at wala ni anumang tubig doon. At sino ang nagbobomba ng gamot sa kanila? Kita n’yo?

Itong mga halamang bulaklak na nasa lalagyan, kung makaligtaan mong bombahin sila at diligin ang mga ito, ang mga anay o mga peste, uod, ay kakainin ang mga ito. Ngunit ang mga uod ay hindi makapinsala sa mga nasa disyerto roon, at ni hindi mo na kailangang alagaan at diligan ang mga iyon araw-araw; produkto ito ng manlilikha. Isang haybrid na produkto ang isang iyon.

<sup>39</sup> At pinagbulay-bulay ko iyan, sa araw na ito, ang dahilan na naging ganito ang Cristiano, sa mga tao, isang kahibangan; dahil na rin ito sa maraming grupo ng gaya-gaya at hindi tunay na mga Cristiano, isang grupo na kailangang tratuhin mo tulad ng mga bata at bobombahin, at para manatili lamang sa iglesya.

<sup>40</sup> Magugunita ko pa ang pinakaunang Iglesya, kung ano sila noon, at ihambing iyon sa kagaya ngayon. Isang mahina na klaseng panggagaya ito kaysa kung ano ang tunay na unang Iglesya noon, yaong malalakas na mga mananampalataya sa Diyos, na may Banal na Espiritu. Hindi mo na sila tratuhing parang bata. Hindi mo na kailangan pang tapik-tapikin sila at sabihing umanib sila rito sa isang *ito*, at kung napagod na sila roon sa isa, pupunta sila roon sa isa pa; at gagawin mo silang diyakono kung aanib sila rito at iwanan itong isa. Isang produktong haybrid iyan.

<sup>41</sup> Naalaala ko ang orihinal na pinta ni Micheal Angelo, sa paniwala ko, “Ang Huling Hapunan” iyon. Palagay ko siya ang nagpinta noon. Napagtanto n’yo ba kung magkano ang orihinal na larawan niyon? Hindi mabibilang na libu-libong dolyares, hindang-hindi kakayanin ang orihinal na iyan, dahil ito ay lampas pa rian. Napakataas ng halaga niyan! Subalit makabibili ka ng isang mumurahing kopya nito ng wala pang dalawang dolyares.

<sup>42</sup> Kaya’t iyan ang dahilan na ang mga tao ngayon ay hindi maunawaan ang totoong kalakasan, tunay na mga mananampalataya. Nagiging sira-ulo sila. Alam n’yo, ang mundo ay humahantong sa gayong kabulukan hanggang paminsam-minsan kailangan mong maging baliw para ituwid ito. Kailangang may isang lalabas sa tagpo na may kaibahan ng kaunti, at isa siyang sira-ulo para sa henerasyong iyon. Nagmumuni-muni ako noong isang araw, sino ang makagagawa?

Sino sa araw na ito ang hindi isang sira-ulo? Ikaw ay sira-ulo sa iba. Naniniwala akong ang mundo ay tungo na sa lubusang pagkabiliw. Alam n’yo ba na ito na ang panahon na kung saan hindi na alam ng mga tao ang tama at mali, o katotohanan o kabulaanan?

<sup>43</sup> Alam n’yo ba na ang mga politiko ay hindi na makahatol kung ano ang tama at mali? Makikita mong tahimik sila tungkol sa pagboto na ibalik ang Biblia sa simbahan o doon sa . . . ibalik ang Biblia sa eskuwelahan? Hindi nila alam kung alin ang paraan na pagtitibayin ng pulitika. Bulayin n’yo ito! Hindi ko alam kung paano ito sa Indiana ngayon, ngunit sa estado ng Arizona labag ito sa batas na bumasa ng Biblia sa eskuwelahan. Palagay ko’y ganito rin sa Indiana, halos sa buong Estados Unidos, sapagkat may ilang kababaihan na hindi naniniwala sa Diyos na binago ang buong palatuntunan. At,

tandaan, labag ito sa batas na bumasa ng Biblia sa ating mga pampublikang paaralan, subalit itinataguyod ng buwis ng mga mananampalataya ang na maituro sa eskuwelahan.

44 Pulitika. Kailangan natin ng isa pang Abraham Lincoln. Kailangan natin ng isa pang Patrick Henry. Kailangan natin ng isang Amerikano na kayang manindigan maging anuman ang kinalalagyan ng pulitika, at makapagsabi ng tama, “tama,” at sa mali, “mali.”

45 Alam n’yo ba na ang mga mangangaral sa araw na ito ay hindi makapaghatol kung alin ang tama, ang Salita ng Diyos o ang denominasyong simbahan? Hindi nila alam kung aling daan ang tatahakin. Hindi sila makapaghatol sa pagitan ng tama at mali. “Alam kong sinasabi iyon ng Biblia, ngunit sinabi ng aming simbahan . . .” Kita n’yo, walang kakayahan ang mga tao na humatol sa kung ano ang tama at mali. At anumang bagay na salungat sa Biblia ay mali. Ang Salita ng Diyos ang tama, at bawat salita ng tao ay kasinungalingan, na salungat Rito. At ang pagsisikap na manindigan ngayon sa isang—isang—isang panahong tulad nito, at manindigan sa kung ano ang tama, nagiging isa kayong sira-ulo.

Banggitin natin ang ilang mga tauhan.

46 Naalaala ko ang propetang Noe, sa dakilang araw na iyon na kaniyang kinabuhayan; ang dakilang maka-agham na kapanahunang iyon na kung saan ay nagtayo sila ng mga piramide at mga sphinx, kung saan ay maaari nilang patunayan na walang tubig ang sangkalangitan, sa pamamagitan ng pagsusuring maka-agham. Heto lumabas ang isang matandang lalaki roon, at ang sabi, “May ulan na papatak mula sa sangkalangitan.” Naging isang sira-ulo si Noe sa henerasyong iyon. Naging isa siyang sira-ulo.

47 Pagbulayan natin si Moises. Si Moises, nang lumusong siya roon kay Paraon, tulad ng ating pinag-usapan kaninang umaga, at lumusong si Moises roon kay Paraon, at sinasabi, “Isinugo ako ng Panginoon upang ilabas ang mga aliping ito,” sa pamamagitan ng isang tungkod sa kaniyang kamay, laban sa napakalaking hukbo na sumakop sa buong mundo. Si Paraon, sa lahat ng kaniyang kadalubhasang maka-agham, inisip na si Moises ay isang sira-ulo. At, isa siyang sira-ulo, para sa kanila.

48 Naalaala ko ang propetang Elias, sa kaniyang dakilang araw, nang ang hindi kapani-paniwalang kapanahunan ng moda; nang pinangunahan ni Ahab at ni Jezebel ang mundo, kung paanong, sa mga kaarawang iyon; at lahat ng mga maka-moda at mga bagay-bagay na gustong-gusto na suutin ni Jezebel, at paanong maging ang kaniyang mga kababaihan ay katulad rin niyang manamit, at ang kaniyang mga kolorete, at iba pa, ang kaniyang mga moda, sa kung paano ginayakan niya ang

kaniyang sarili. At nang may tumindig laban sa buong bansa; kay Ahab, naging isang sira-ulo siya. Tama iyan.

<sup>49</sup> Si Amos, ang propeta, nang dumating siya sa Samaria sa kaarawan na ang Samaria ay katulad ng Hollywood ngayon, ang mga kababaihan sa lansangan, ang pananamit, at maging ang hayag na pangangalunya, kung paano sila nagpapatuloy at namumuhay roon, pinapayagan ng lalaki. . .

<sup>50</sup> Ito'y halos isang hayag na pangangalunya, sa araw na ito, sa iyong harapan mismo. Pumunta ako sa isang dako noong nakaraang gabi, upang kumuha ng kaniyang makakain, at ang maliliit na kabataang mga lalaki at mga babae roon ay nagyayakapan at naghahalikan nang parang hindi ako alam.

Alam n'yo ba, aking munting kapatid na babae, iyan ang potensiyal na pangangalunya? Kung humalik sa inyo ang isang lalaki, nakagawa siya ng isang potensiyal na pangangalunya laban sa iyo. Huwag mo siya kailan man payagan na halikan ka hanggat hindi pa kayo mag-asawa, sapagkat ang mga glandula, kapuwa panlalaki at pambabae na mga glandula, ay nasa mga labi. Nauunawaan n'yo ba? At kung ang panlalaki at pambabae na mga glandula ay nagkatagpo, hayaan mong manatili iyon kung saan man iyon, nakagawa ka ng isang potensiyal na pangangalunya. At kaya huwag mong payagang halikan ka ng isang lalaki hangga't hindi pa itinaas ang belo sa iyong mukha at maging asawa ka niya. Huwag mong gawin iyan! Ito'y pangangalunya. Ito'y pagsasama ng panlalaki at pambabae ng mga glandula.

<sup>51</sup> Bakit hindi halikan ng isang lalaki ang lalaki, halikan ng babae ang isang babae, sa mga labi? Sapagkat hindi magkasalubong ang mga glandula. Ipinanganak ang mga bata sa pamamagitan ng pagsasalubong ng mga glandula.

Kaya muli ito'y halos isang hayag na pangangalunya, kahit saan. Tingnan n'yo ang mga puting-tabing at lahat ng inyong mapapanood, ang—ang paglalaway at ang—ang iba pa. Kaya hindi nakakapagtaka na ang imoralidad ay patuloy na—ay patuloy na pataas! Paano nila magagawa iyon, at mapukaw ang kanilang mga sarili sa kanilang paghalik sa mga kababaihang iyon sa bibig, na nalalamang iyan ay pangangalunya! Hindi ito mapapatawad ng Diyos liban na magsisi ka.

<sup>52</sup> At ngayon, nang dumating sa tagpo, itong dakilang propeta, si Amos. Kilala siya bilang isa sa minor na mga propeta dahil walang gaanong isinulat na marami tungkol sa kaniya, subalit may taglay siyang Salita ng Panginoon. At tiningnan niya ang lungsod na iyon, ipinaubaya ng lahat. . . Sa mga parke, mga nakaupong kalalakihan habang nakayakap sa mga kababaihan, at ang mga kababaihang nakayakap sa mga kalalakihan, tulad ng isang modernong Hollywood! At lumusong siya sa lungsod

na iyon, at sinabi, “Magsisi kayo o mapahamak!” Isa siyang sira-ulo. Halos inihayag niya ang kaniyang sarili na baliw, sa kanila.

<sup>53</sup> Si Juan Bautista, nang dumating siya sa tagpo. Para sa mga relihiyosong mga denominasyon sa araw na iyon, isa siyang sira-ulo. Mayroon siyang pagkakataon na maging isang saserdote, upang sundan ang mga yapak ng kaniyang ama. Subalit tinanggihan niyang gawin iyon, dahil pinanatili siya ng Diyos sa labas ng mga kredo at mga denominasyong iyon, dahil napakahalaga ng kaniyang gawain. Kaniyang ipamamalita ang pagdating ng Mesiyas. At nang wala na siyang magagawa alinman sa mga Pariseo, Saduceo, o anumang mga iyon noon, tinanggihan niya ang lahat ng kanilang mga grupo, at ang sabi, “Huwag ninyong umpisahang sabihin, ‘Mayroon kaming Abraham parang aming mga magulang,’ dahil sinasabi kong magagawa ng Diyos na pabangunin mula sa mga batong ito ang mga anak para kay Abraham.” Para sa—para sa relihiyosong mundo noong kaarawan niya, ay isa siyang sira-ulo. Tama.

<sup>54</sup> Nang dumating si Jesus sa tagpo. Sa relihiyosong mga tao sa Kaniyang mga araw, isa rin Siyang sira-ulo. Dahil, ang sabi nila, “Isa kang Samaritano. Nawawala ka sa Iyong sarili. Isa Kang baliw,” sa ibang pananalita, “isang taong sira-ulo.” Gayon siya, sa mga tao, ang iyong Panginooon at Tagapagligtas.

Hindi nakapagtataka, si Pablo, hinubog sa pamamagitan ni Gamaliel na maging isang saserdote, ang pagkakataon na isang araw ay maging isang punong saserdote. At sa kaniyang daan tungo sa Damasko, inilugmok siya ng isang sobrenatural na Liwanag. At tumingala siya, bilang isang Hudyo, at napag-alamang ang Haliging Apoy na iyon ang siyang nagpalaya sa kaniyang bayan. Ang sabi niya, “Panginooon, Sino Kayo?”

At sabi Niya, “Ako si Jesus.”

<sup>55</sup> At nang mawala sa kaniya ang kaniyang edukasyon, nawala sa kaniya ang lahat ng teolohiya niya na napag-aralan niya sa mga eskuwelahan, at naging regular na, mangangaral sa lansangan, isa siyang sira-ulo noon. Ang sabi niya, “Naging isa akong hangal.”

<sup>56</sup> At inakala ng mga tao na baliw siya, wala sa sarili. Sinabi niya kay Festus, “Hindi ako baliw.” Nakilala lamang niya ang Panginooon. Datapuwat ang makilala ang Panginooon sa isang grupong relihiyoso . . .

Umaasa akong nakukuha ninyo ito. Ang makilala si Jesus, sa araw na ito, sa isang relihiyosong grupo, isa kang sira-ulo. Hindi pa rin ito nababago. Maaari akong mangusap ng matagal ukol dito, subalit ako—nais kong magmadali para sa pila ng ipapanalangin.

<sup>57</sup> Si Martin Luther, yaong hamak na paring Aleman, habang nililigpit ang komunyong isang araw, hinagis ito sa hagdanan, at ang sabi, “Hindi ito ang katawan ni Jesus Cristo. Tinapay lamang

ito na ginawa roon.” At kaniyang ipinahayag, na, “Ang matuwid ay kailangang mabuhay sa pananampalataya.” Isa siyang sira-ulo, sa simbahang Katoliko. Maaari siyang ipapatay dahil roon, ngunit, isa siyang sira-ulo, at hinayaan lamang nila siyang mag-isa. Subalit, naging isang sira-ulo siya, sa henerasyong iyon.

<sup>58</sup> Si John Wesley, sa mga kaarawan ng malawakang kapanahunan ng imoralidad sa England. Nang, kung hindi dumating ang Wesleyian na rebaybal sa mga panahong iyon. . . Bulok na ang buong mundo, naroon kahit saan ang imoralidad. At lumihis na ng napakalayo ang simbahang Anglikano hanggang sa wala nang dumating pa na rebaybal; lipos ng Kaisipang Calvinista! At dumating sa tagpo si John Wesley, na taglay ang—ang salita ng pagpagiging banal, lilinis ang imoralidad. Naging isa siyang sira-ulo.

<sup>59</sup> Aking sisipiin si G. Wesley, minsan, sa kaniyang aklat. Habang naglalakad siya sa isang daanan, at may isang lalaki sa simbahang Englatera. . . Inakala ng lahat na isang baliw siya, kaya tumayo siya humarang sa daanang iyon. Isang hamak na lalaking maliit si G. Wesley. Inakala ng napakalaking mamang ito na matampal lang niya ay sasadsad ito, kung kaya’t hinarangan niya ang daanan. Tumingala si G. Wesley at ang sabi, “Pagpasensiyahan n’yo ako, ginoo, maaari ka bang umalis sa daanan? Nagmamadali ako.”

At ang Anglikano ay nagsabi sa kaniya, “Hindi ako aalis sa daanan para sa isang hangal.”

<sup>60</sup> Buong galang na inalis ni G. Wesley ang kaniyang sombrero, dumaan sa tabi niya; ang sabi, “Laging ganoon ang ginagawa ko.” Kaya, nakita n’yo, ang isang iyon ay isang sira-ulo; ang isa ay para kay Cristo; ang isa ay para sa simbahan.

Kaya, ika’y sira-ulo ng ibang tao, gayon pa man.

<sup>61</sup> Nang dumating ang mga Pentekostal sa tagpo, mga limampung taon na ang nakaraan. Ang sabi nila, “Mga baliw ang mga taong ’yon!” Sila’y mga sira-ulo, tama ’yan, sapagkat tinutuligsa nila ang lahat ng kabulukan na naroon sa mga kapanahunan ng iglesya sa panahong dumating sila sa tagpo.

Subalit ano ang nagawa ng Pentekostal? Bumalik mismo roon sa isinuka na kanilang pinanggalingan, bumalik muli roon sa maka-denominasyon na kabulukan. Alam n’yo ba kung ano? Napapanahon para sa panibagong sira-ulo. Opo. Napapanahon para sa isang panibago. Tama iyan.

<sup>62</sup> Pansinin, isang sira-ulo, bago magkaroon ng isang sira-ulo, mayroon munang isang tornilyo na kakabitan nito. At nakaroskas ang sira-ulo na iyan doon sa tornilyo; kung hindi gayon, ito’y hindi maiilapat. Pansinin. Lahat ng mga nakaroskas, sa kaarawan ni—ni Noe, ay nakaroskas sa mensahe ng Ebanghelyo; si Noe, ang sira-ulo, hinatak sila papasok sa daong. Nakabatay ito kung anong rosкас mayroon ka, at kung

sa ano ka nakaroskas. Kung nakaroskas ka sa mundo, sila ang hahatak sa iyo. Kung nakaroskas ka sa Salita, Ito ang hahatak sa iyo. Nakabatay ito kung sa alin kayo nakaroskas, kung anong sira-ulo ang iyong susundan.

<sup>63</sup> Subalit si Noe, bilang isang sira-ulo sa Salita ng Diyos, isang sira-ulo ng maka-agham na kapanahunan at relihiyosong kapanahunan na kaniyang kinabubuhayan, kaniyang hinatak sila, yaong ililigtas, papasok sa daong. Amen. Yaong mga naitalaga, ang tornilyo na ginawa bago ang sira-ulo. Kailangang mairoskas ang tornilyo sa sira-ulo.

<sup>64</sup> Kaya, si Satanas, mayroon din siyang mga tornilyo at mga sira-ulo, din, mga tornilyo at mga sira-ulo ng mga kaharian ng mundong ito.

Si Paraon ay kasing sira-ulo para kay Noe, o kay Moises, kung paanong si Moises kay Paraon. Si Paraon, sa lahat ng kaniyang maka-agham na mga gimik, ay hinatak niya ang bansa sa kaniyang sarili. Si Noe, bilang isang sira-ulo para sa Diyos, hinatak ang iglesya tungo sa lupang pangako. Nakabatay ito kung sa alin kayo nakaroskas. Hinatak niya ang iglesya mula sa Egipto; tulad ni Noe na hinatak niya ang iglesya mula sa mundo, papasok sa daong. Hinatak ni Moises ang iglesya mula sa Egipto, tungo sa lupang ipinangako ng Diyos.

<sup>65</sup> Ang sabi ni Jesus. Ngayon, mangag-ingat kayo, 'pagkat ang mga sira-ulo at mga tornilyong ito ay magkahawig na magkahawig. Masdan mo lang ang roskas. Sa Mateo 24:24, ang sabi Niya, "Halos dadayain nito ang pinaka Hirang."

Ngayon, ang—ang mga Amerikano at ang buong mundo ng denominasyon ay nangangailangan ng isang sira-ulo.

<sup>66</sup> Ang Metodista, ang Baptist, ang Presbyterian, nangalat silang lahat mula *dito*, at *doon*, at nag-aaway away lahat. At, gayon pa man, nakaroskas silang lahat sa iisang tornilyo. Kaya binigyan sila ng isang tornilyo ng Diyos, at pinadalhan sila ng isang sira-ulo, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Simbahan. Hahatakin silang lahat nito ng sama-sama. Tama iyan. Tunay na mangyayari ito. Hahatakin sila nito ng sama-sama, ang Pandaigdigang Konseho.

<sup>67</sup> Alam n'yo, taglay ito, dito hindi pa katagalaan ang nakaraan. . . Walang bagay na hindi mangyayari, isang layunin, kung walang dahilan. Nais ng mga kababaihan na tanggalin ang kanilang mga kasuotan. Nais nilang magsuot ng syorts. Nais din nilang mananatili sa iglesya. Nais nilang magsuot lahat ng mga 'kinis' na ito, o maging anuman ang tawag ninyo sa mga bagay na iyan. Nais nilang gawin iyan, at nais din nilang mananatili sa iglesya; gusto nilang humiyaw, magsisigaw, at sumayaw; sumamba, iyan ay isang pagsamba.

<sup>68</sup> Ngayon, kung mayroon akong panahon, patutunayan ko sa inyo iyan. Pagsamba iyan sa diablo, pagsasayaw tulad niyan

at paggawa ng mga bagay na ganoon. Mapapatunayan ko iyan sa inyo, doon sa mga lupain ng mga pagano. Gusto nilang magsamba, at panatilihin ang kanilang patotoo at manatili pa rin sa iglesya. Kung kaya binigyan sila ng Diyos ng isang sira-ulo, dalawa o tatlo sa kanila; nagngangalan ang isa na Elvis Presley; isa, si Pat Boone, at si Ernie Ford; nakakakanta ng mga himno at lahat ng iba pa, at inaangkin na isang Cristiyyano. Isang sira-ulo ito. Hindi ito nakaroskas sa Salita. Tama.

Ngayon, sinabi kong matatapos ako sa loob ng kalahating oras, at tapos na ito.

<sup>69</sup> Subalit, makinig, nangangailangan ang mundo ng isang sira-ulo. Sinisigurado ng diablo na makukuha nila ito. Tapos na nilang mairoskas para dito.

Subalit, habang nakaroskas ang mundo sa isang sira-ulo, mayroong mga taong tinatawag na Nobya. Nakaroskas din, ito. Kasing tiyak ng pagkakatayo ko rito, padadalhan sila ng Diyos ng isang sira-ulo na hahatak sa Nobya mula rito sa kaguluhang ito, tungo roon sa Presensiya ng Diyos. Ito'y magiging isang nakaroskas-sa-“Salitang sira-ulo.”

<sup>70</sup> May isang kritiko, may ilang araw na ang nakaraan, ang sabi sa akin, doon sa Tucson. Ang sabi niya, “Alam mo, may ilang mga tao na ginagawa kang isang sira-ulo, at may ilan naman na ginagawa kang isang Diyos.”

Ang sabi ko, “Buweno, wala akong nakitang masama riyan.” Alam kong sinusubukan niya akong punahin. Kita n'yo?

<sup>71</sup> Ang sabi niya, “Iniisip ang mga tao na ikaw ay isang Diyos.”

<sup>72</sup> Ang sabi ko, “Buweno, sadyang...” Alam kong hindi ginagawa ng mga tao 'yan. Subalit ako—alam kong hindi niya ito naunawaan, dahil naroon siya sa kabilang bahagi ng balat, alam n'yo na. Kaya alam ko na hindi, hindi niya ito alam. Kaya ang sabi ko, “Hindi iyan masyadong malayo mula sa Salita ng Diyos. Hindi ba?”

Kita n'yo, kailangan lang niya—kailangan lang niyang malaman na hindi siya ligaw. Alam natin kung saan tayo naninindigan. Alam natin kung anong uri ng mga layag ang ating ikinabit, at anong uri ng hangin ang umiihip dito. Alam natin kung anong rosкас mayroon tayo, at kung anong sira-ulo mayroon tayo. At alam natin kung paano tayo naninindigan.

Ang sabi ko, “Hindi iyan gaanong salungat sa Salita ng Diyos, masyado. Salungat ba?” Ang sabi ko, “Tandaan, nang isinugo ng Diyos si Moises doon sa mga anak ni Israel, ginawa ng Diyos si Moises na isang diyos, tama 'yan; at ginawa rin, niya, si Aaron na kaniyang kapatid, na isang propeta. Tama iyan. 'Lahat ng mga propeta,' ang sabi ni Jesus, 'ay mga diyos.' Sila'y mga diyos; mga tao.” Tama iyan. Sinadyang maging ganoon iyon ng Diyos.



<sup>73</sup> Makinig kayo, ang Salita na ating ipinangangaral at ang salita na aking sinabi kaninang umaga, “Kumukubli ang Diyos sa likod ng mga balat, mga balat ng hayop, kumukubli ang Diyos sa likod ng balat ng isang tao.” Kita n’yo? Iyan ang ginawa Niya. Nang nahayag ang Diyos sa mundo, nakakubli Siya sa likod ng isang lambong, sa likod ng balat ng isang Taong nagngangalang Jesus. Nalambungan Siya at nakakubli sa likod ng balat ng isang taong nagngangalang Moises, at mga diyos sila, hindi mga Diyos; ngunit sila’y sa Diyos, ang iisang Diyos, nagbabago lamang ng Kaniyang maskara, gumagawa ng gayon ding bagay bawat panahon, dala itong Salita. Kita n’yo, ginawang gayon iyon ng Diyos. Alam Niyang ang tao’y gustong makakita ng isang bagay; likas sa bawat isa sa atin iyan na isinilang sa mundong ito.

<sup>74</sup> Tulad ng ipinangungusap ko sa inyo kaninang umaga, walang sino mang nangahas na sumunod kay Moises roon sa loob. Hindi kailanman nakipag-ugnayan ang Diyos sa dalawa. Nakikipag-ugnayan Siya sa iisa, tuwina. Walang sinomang mangahas na gayahin si Moises. Ito’y kamatayan, natural na kamatayan, ang subukang gayahin siya, ang pumasok roon sa Haliging Apoy na kasama niya. Kaya hindi lahat ng tao ay ginawang. . .Hindi ka isinilang sa gayong paraan, upang pumasok roon sa sobrenatural.

Subalit may ilang inihanda ang Diyos sa lupa upang kumatawan sa Kaniya, tulad ng isang ambasadador mula sa Kaniya. At itinalaga ang ambasadador na iyon, ng Diyos, na pumasok roon sa dakilang lihim ng sobrenatural, at kumilala, at maglantad ng mga bagay na ang natural na kaisipan ay hindi makauunawa nito. Nilalantad nito ang hiwaga ng Diyos, nanghuhula sa mga bagay na pangkasalukuyan, at ang mga bagay na nakaraan na, at mga bagay na darating. Ano iyon? Ang Diyos, ang Diyos na nasa likod ng mga balat, balat ng tao. Tumpak na tumpak iyan.

<sup>75</sup> Nakatira si Sam Connelly sa Tucson. Pumunta siya rito minsan, maraming taon na ang nakalipas, na kasama si G. Kidd, at gumaling; sa isang matinding ulser sa loob ng maraming taon. Nang pumunta ako roon noong nakaraang tag-lagas, si Sam ay nagkaroon ng isang—ising bato na nasuri ng isang espesyalista doon, sa—sa Tucson, tiningnan ito. Kasing laki ito ng isang diyolin. Si Kapatid na Sam Connelly. . .Marami sa inyo rito ang nakakilala sa kaniya; taga-Ohio siya. At kumonsulta siya sa doktor, at ang sabi sa kaniya, “Sam, ihanda mo ang iyong sarili sa susunod na linggo; ilalabas ko ang batong iyan,” mga ilang araw mula noon.

Ang sabi niya, “Mapapalabas ko ba ang bato, doktor?”

Ang sabi, “Imposible iyon. Napakalaki ng batong iyon.”

<sup>76</sup> Kaya isinakay siya sa sasakyan at inuwi sa bahay. At tumawag siya; ang sabi niya, “Kapatid na Branham, nais kong

pumunta ka rito at ipanalangin mo ako.” Bakit niya ako tinawag para sa gano’n? At nag-umpisa akong manalangin para sa kaniya.

<sup>77</sup> Ang sabi ko, “Sam, ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, lalabas ng kusa ang bato.”

<sup>78</sup> At nang sumunod na umaga ay dinala niya ang bato sa doktor. At ang sabi niya, ang sabi ng doktor, “G. Conelly, hindi ko lubos maunawaan kung paanong nangyari ito.”

<sup>79</sup> At ang sabi niya, “Isang mananampalataya ako ng Diyos, at pinalabas ng Diyos ang bato sa akin, inalis ito sa akin.” Halos hindi mapaniwalaan ng taong iyon, ang doktor. Mas lalong mahirap niya mapaniwalaan yaong malaking tumor na inalis sa tagiliran na aking may-bahay. Alam n’yo na ang tungkol roon, kita n’yo. Kaya sinabi niya. . .

<sup>80</sup> May mga anim na buwan ang nakalipas, na halos may mga tatlo. . . mga dalawang linggo ang nakararaan, o tatlong linggong nakararaan, inilugmok si Sam Connely ng isang seryosong sakit sa puso. At hindi ko alam ang tawag doon, isang koronaryo, o isang uri ng pagbabara sa puso, o maging ano man iyon. Napakapanganib niyon. . . Hindi ito. . . Hindi mo malalagpasan ito, ang sabi nila. Isang atake sa puso, at nabarahan ang kaniyang puso. At namanas ang mga hita niya hanggang sa ang kaniyang mga bukong bukong ay mas malaki kaysa kaniyang binti, umakyat rito sa balakang ang manas. Kaya’t hinatid nila siya sa doktor. Ang sabi ng doktor, “Iuwi n’yo siya sa bahay, nang payapa, o doon sa hospital.”

Ang sabi ni Sam, “Ayokong pumunta roon sa hospital!”

Ang sabi, “Iuwi n’yo siya sa bahay at ihiga n’yo siya, at huwag n’yong igalaw ang ulo, kamay, o ang paa, sa loob ng anim na buwan.” Ang sabi, “Maari kang mamatay anumang sandali.”

<sup>81</sup> At tumawag si Kapatid na Norman. At pumaroon kami ng gabing iyon, upang dalawin si Kapatid na Sam. At nang manalangin kami sa kaniya, at nangusap ang Panginoon.

At kinaumagahan, pumunta si Sam doon sa tanggapan ng doktor, na batak ang kaniyang mga paa, tumayo sa harapan ng doktor, at ang sabi, “Tingnan mo ako, doktor!”

At sinuri siya ng doktor sa ilalim ng isang electrical cardiogram, at ang sabi niya, “Hindi ko maunawaan ito.” Ang sabi, “Makakabalik ka na sa trabaho.” Ang sabi niya, “Sa anong simbahan ka kaanib?”

Ang sabi niya, “Hindi ako kaanib nang alinman sa kanila.”

<sup>82</sup> Ang sabi niya “Hindi ka maaaring maging isang Cristiano malibang kaanib ka sa kanilang denominasyon. Kailangang maging gayon iyon.” Kita n’yo, iyon lamang ang nalalaman ng doktor. Isang sira-ulo si Sam, para sa kaniya. At isang sira-ulo siya, para kay Sam, dahil sa kaniyang pagtatanong.

Pagkatapos ano ang nangyari? Bumalik si Sam, at ang sabi, “Ano ang maaari kong sasabihin sa kanino man na nagsasabi sa akin ng ganitong mga bagay, Kapatid na Branham?”

<sup>83</sup> “Sabihin mo sa kanila na ‘kabilang ka sa nag-iisa at tanging Iglesia.’ Hindi ka sumapi Rito. Hindi ito isang denominasyon. Ipinanganak ka Rito.”

<sup>84</sup> May isang munting babae, may mga anim na buwan na ang nakalipas, nakasandal sa sinapupunan ni Sister Norman. Nakalimutan ko ang pangalan niya, isang napakagandang munting babae na may mga tatlumpong taong gulang. Nagkahiwalay siya at kaniyang asawa, at nagkasakit siya ng leukemia. At naroon siya sa ganoong uri ng kalagayan na mahirap sa kaniya ang pagkikilos. At humantong iyon sa pagkalala hanggang sa ihiga na siya ng mga doktor. At binisita siya ng mga doktor hanggang sa dumating ang panahon. Tinaningan nila siya hanggang sa susunod na Miyerkules. Mamamatay na siya pagdating ng Miyerkules. At sa anumang paraan ay nagawa ni Gng. Norman na maibangon siya sa higaan, at dinala niya rito, at kailangang alalayan niya ito sa upuan. At habang nakaupo roon ang munting taong ito, bumabagsak paharap at patalikod, at maputla siyang tingnan; naninilaw ang kaniyang mga balat, sanhi ng kanser, ng leukemia.

Ang sabi ko, “Buweno, maari akong manalangin para sa iyo, kapatid.”

At nagsisikap siyang makapagsalita, at may mga luha sa kaniyang mga mata, ang sabi niya . . .

Ako—ang sabi ko, “Ikaw ba’y Cristiyano?”

Ang sabi niya, “Ako’y isang Metodista.”

Ang sabi ko, “Ako—ako’y nagtatanong kung ikaw ba ay isang Cristiyano.

At ang sabi niya, “Ang ibig mo bang sabihin ay kaanib ng isang simbahang Cristiano?”

<sup>85</sup> Ang sabi ko, “Hindi po, ginang. Ang ibig kong sabihin, ay ipananganak ka na ba sa Espiritu ng Diyos, at mahal mo ang Panginoong Jesus?”

Ang sabi niya, “Buweno, matagal na akong kaanib ng simbahan?”

<sup>86</sup> Ang sabi ko, “Kung loobin ng Diyos na mabuhay ka ipapangako mo ba sa akin na babalik ka sa akin at pahihintulutan akong ipakita sa iyo ng higit na malinaw ang daan ng Panginoon?”

Ang sabi niya, “Ipinapangako ko sa Diyos ang lahat, kung pahahabain ba ninyo ang buhay ko. Pagseserbisyuhan ko Siya.

<sup>87</sup> Pagkatapos na pagkatapos noon ay may isang pangitain na dumating, ang sabi, “ITO ANG SABI NG PANGINOON.

Huwag kang mabahala; iwalay mo ang mga bagay na inihinda para sa iyong kamatayan, sa araw na makalawa.” Lunes iyon, at tinaningan siyang mamatay ng Miyerkules. “Hindi ka mamamatay.”

Noong nakaraang Linggo, isang sanlinggo buhat sa Linggong ito, naupo akong kasama niya sa silid. Nadagdagan ang timbang niya ng may tatlumpong di-kapani-paniwalang mga libra; ang sabi ng doktor wala ni isa mang palatandaan ng Leukemia na maaari mong makita maski saan. At gusto niyang malaman; at inutusan ko siyang lumusong upang mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, doon sa isang kanal ng irigasyon, ang daan ng Panginoon. Marahil isang kabaliwan ito, subalit, “Kung Ako’y itataas, palalapitin ko ang lahat ng tao sa Akin.”

<sup>88</sup> Binisita ko, doon sa itaas ang isang batang lalaki na nakaugalian na niyang kumuha ng mga teyp dito, si Leo Mercier. Mayroon siyang isang patyo roon. At nananalangin ako para sa ilang mga tao. At napanalangin ko ang isang munting babae na nagngangalang Lokar, sa palagay ko ‘yon nga. At nagkaroon na siya ng labing-apat na operasyon sa kanser, at pinaubaya na ng mga doktor na mamamatay siya. At naipanalangin siya, at sinabi sa kaniya na hindi siya mamamatay, kundi mabubuhay siya. At wala ni isang palatandaan nito maski saan. At dahil dito, dalawampu’t walo sa kaniyang pamilyang nakatayo roon, naligtas at napuspos ng Banal na Espiritu. Marahil isang kabaliwan ito, subalit inilalapit nito ang lahat ng tao sa Kaniya, na lalapit. Nakaroskas ito sa Salita. Nakita n’yo ba ang gusto kong sabihin?

<sup>89</sup> May isang sulat na dumating sa akin, may dalawang araw na noon, nakalagap doon sa aking salansan. Noong nakaraang Tag-lagas, habang naroon sa isang pangangaso...o, noong nakaraang Tagsibol, may isang taon na ang nakalipas. Isang batang Indiyang na nangangalang Oscar, na kasama naming nangaso roon sa itaas ng daang-bayan; doon kung saan ang Anghel ng Panginoon, sinabi ko na ito sa inyo, banda rito, na naglabas niyaong caribou at—at ang pagkaabuhin nito ay malapalarang. Natatandaan n’yo lahat ito. Pagkatapos ang batang iyon, nang pumasok ako...pumasok Siya sa loob ng tolda, noong nakaraang Tagsibol. At nang hiniling sa akin ni Bud ang basbas, (inalis niya ang kaniyang mga guwantes; na panlalakbay), isinuot niyang muli ang mga guwantes at papaalis na. Siya ay isang Katoliko. Wala siyang alam tungkol Rito.

<sup>90</sup> Noong nakaraang Tag-lagas, nang Kaniyang, habang nakatayo sa aking tabi...Habang naroon ang kaniyang ina, agaw buhay sa isang atake sa puso, ang sabi niya, “Hindi ka ba maaaring bumalik at manalangin para sa kaniya?” Bumalik ako roon sa maliit na kubo ng mga Indiyang. At doon, nakapalibot silang lahat dito sa isang ina, at agaw buhay siya,

hindi nakakapagsalita kahit isang salitang Ingles. At bumaba ang Espiritu Santo at sinabi sa inang ito, sa pamamagitan ng isang tagasalin, ang kaniyang anak na babae, kung ano ang nangyari, iyon nga noon. Na tinawag maging ang pangalan niya, at sinabi sa kaniya kung sino siya noon, at sa anong tribu siya galing, at kung paano ito nangyari. At kara-karakang gumaling ang inang iyon.

<sup>91</sup> At kinaumagahan nang bumalik ako upang dalawin sila, habang nakasakay ako, apatnapung milyang biyahe pabalik doon sa mga tupa, doon lahat sila ay nakaupo noon, siya ay . . . sasakay na ng kabayo upang bumalik doon upang magbibilad ng karne ng usa. At ang sabi ko, “Nang manalangin ako kagabi, ang sabi ko, ‘Ama namin sumasalangit Ka.’” Ang sabi ko, “Louise, ako—ako . . . Iyon ang isang panalanging Katoliko. ‘Yon ang inyong nakagisnan, at kung gayon, mangyari pa, aalis na ako.” At ang sabi ko, “Ngayon pasasalamat ko lamang ang Panginoon. Hindi tayo uusal ng mga panalangin; manalangin tayo.”

<sup>92</sup> Ang sabi niya, “Hindi na kami Katoliko.” Ang sabi niya, “Sumasampalataya kami tulad ng iyong pagsampalataya. Gusto naming dalhin mo kaming lahat at bautismuhan sa paraang ika’y nabautismuhan. Gusto namin ang Banal na Espiritu.”

<sup>93</sup> Nang bumalik ako galing sa biyahe . . . Naiwala ng batang lalaki ang kaniyang mga kabayo, mga ilang buwan bago iyon, at hindi iyon masumpungan. At pinagagalitan siya lagi ng gabay, ang sabi, “Oscar, wala ka nang alam kundi pabayaang mga kabayo ng ganiyan. Ang mga oso, mga abuhin ang karamihan, ay maaaring kinain na ngayon ang mga kabayo.”

At lagi siyang nakadikit sa akin. At ang sabi niya, isang gabi, ang sabi niya, “Maaring humiling ako sa ‘yo ng isang bagay?”

Ang sabi ko, “Oo.”

Ang sabi, “Kapatid na Branham, ipanalangin sa Diyos. Ibalik muli ng Diyos sa akin ang aking mga kabayo.”

Ang sabi ko, “Ang sabi ni Bud, nilapa na ang mga iyon ng mga oso.”

Ang sabi niya, “Kapatid na Branham, hilingin mo sa Diyos. Ibalik ng Diyos muli kay Oscar ang kaniyang mga kabayo.”

Ang sabi ko, “Sinampalatayan mo ba iyan, Oscar?”

Ang sabi niya, “Sumasampalataya ako. Pinagaling ng Diyos ang aking ina. Sinabi sa iyo ng Diyos kung saan naroon ang mga oso, kung saan dapat mangaso. Iyang Diyos, alam kung saan mangangaso, alam kung saan ang aking mga kabayo.” Kita n’yo?

<sup>94</sup> Nakalipas ang isang taon, habang nakatayo ako roon sa likuran kasama si Fred Sothmann, na narito sa gabing ito, si Billy Paul, ang aking anak. Bumaba ang Espiritu Santo. Ang

sabi ko, “Oscar, masusumpungan mo ang iyong mga kabayo. Nakatayo sila roon sa niyebe.”

Nakalapag doon ang sulat, sinulat sa akin noong nakaraang linggo, at natanggap ko ito ng Biyernes, dumating dito. Nakalapag doon mismo sa salansanan ngayon. “Kapatid na Branham, nasumpungan ni Oscar ang kaniyang mga kabayo na nakatayo sa niyebe.”

<sup>95</sup> Kung paano sila nabubuhay doon, walang nakakaalam. Doon, ang batang lalaki. . . Sa ganitong buwan ng taon, Hunyo, napalibutan pa rin sila ng sobrang niyebe roon na may mga dalawampu o tatlumpung talampakan ang taas. Paano silang nakatagal doon sa buong taglamig, sa banging ito? Makakarating si Oscar sa kanila, na may sapatos na pang-niyebe, pero, siyempre, hindi niya maaaring suotan ng sapatos na pang-niyebe ang kaniyang mga kabayo. Subalit nasumpungan niya ang mga ito, ayon sa Salita ng Panginoon. Marahil isang kabaliwan ito sa inyong pandinig; sampalatayanan n’yo lamang ito ng minsan! Depende iyon sa kung ano ang inyong roska.

<sup>96</sup> Ngayon, hindi ito karoskas ng isang denominasyon. Tanging sa Salita lamang ito nakaroskas. Subalit may ilang mga tao sa mundo na sumasampalataya sa Salitang iyon! Nangangailangan ng isang sira-ulo upang tipunin ang Nobya mula rito, nakaroskas ito, sapagkat ang Nobya at ang Nobyo ay iisa. At ang Diyos ay iisa, at ang Salita ng Diyos! Kinakailangang nakaroskas ito sa Salita, at palalapitin nito ang Nobya mula sa mga denominasyon na ito.

<sup>97</sup> Siyanga, gusto niya akong pintasan. Alam n’yo, naalala ko ang ating pinag-uusapan, kaninang umaga, nagkukubli ang Diyos sa likod ng mga balat, balat ng tao.

<sup>98</sup> Isa pang munting kuwento, at magwawakas na ako; ipagpaumanhin n’yo na napanatili ko kayo rito ng mga apatnapu’t-limang minuto na ngayon. Mayroong isang tahanan, isang tahanan ng Cristiyano, at mayroong isang. . . Sinabi ko ito rito sa kritikong ito. At sa tahanan ito ay mayroong. . . Sumasampalataya sila sa Diyos. May isang maliit na batang lalaki sila roon, na takot na takot siya sa bagyo. Pagkakumikidlat, oh, talagang takot na takot siya. Tatakbo siya sa ilalim ng mga mesa, kahit saan, kapag kumikidlat.

Kaya isang gabi ay may dumating na isang malakas na bagyo mula roon sa bukirin, at kung saan sila nakatira, at hinahangin ang mga puno, at humahagibis na mga kidlat, sa palalim na gabi. Ang sabi ng ina kay Junior, ang sabi, “Ngayon, Junior, pumanhik ka na sa itaas at matulog.” Ang sabi, “Ngayon, huwag kang matatakot. Pumanhik ka na roon.”

<sup>99</sup> Kaya ang munting si Junior, habang suot ang kaniyang pandiyama, pumanhik sa hagdan na, limilingon, na mangiyak-ngiyak. Nahiga siya, pinilit niyang makatulog, na

nakatalukbong ang ulo niya. Hindi siya makatulog; dahil sa mga kidlat na kumikislap sa mga bintana. Kaya ang sabi niya, “Oh, mama,” ang sabi, “pumanhik ka rito at samahan mo akong matulog.”

Buweno, ang sabi niya, “Junior, walang manggugulo sa iyo. Hindi makakasakit ang kidlat na iyan sa iyo.”

Ang sabi niya, “Subalit, mama, pumanhik ka rito at samahan mo akong matulog.”

<sup>100</sup> Kaya pumanhik ang ina at nahiga, katabi ang kaniyang Junior. At ang sabi niya, “Junior, munti kong anak, gustong sabihin ng mama sa iyo ang isang bagay.” Ang sabi niya, “Junior, isa tayong pamilya na Cristiyano. Sumasampalataya tayo sa Diyos, at sumasampalataya tayong iingatan tayo ng Diyos sa mga bagyo. Sumasampalataya tayo riyon. At sumasampalataya tayo na iniingatan ng Diyos ang mga Kaniya.” At sinabi niya, “Gusto kong sasampalatayan mo iyan, Junior. Iyan, huwag ka ng matatakot. Sumasa atin ang Diyos, at iingatan Niya tayo.”

<sup>101</sup> Humibik si Junior ng may ilang beses. Ang sabi niya, “Mama, sumasampalataya din ako, riyon.” Ang sabi niya, “Subalit kapag papalapit na ang kidlat sa bintana, gusto kong maramdaman ang Diyos na nasa balat Nito?”

Kaya naniniwala ako na karamihan sa ating mga matatanda ay nag-iisip ng gayon din. Ang Diyos, na nasa balat Nito! Marahil isang kabaliwan ito sa pandinig, ng mundo, datapuwat pinalalapit nito ang lahat ng tao sa Kaniya.

Manalangin tayo.

<sup>102</sup> Makalangit na Ama, gaya ng mumunting kuwento ng—ng mga karanasan, at minsan ay nangyayari ito na may dahilan. At ito’y, kasing gapang pa man ito, subalit naunawaan namin ito sa paraang naganap ito. Kaya nagpasalamat kami sa Iyo, sa gabing ito, Panginoon, na—na makapanahan ang Diyos Mismo sa amin. Nagpapasalamat kami na mayroong pangpalubag-loob na ginawa, ang Dugo ng Isang matuwid, si Jesus; na Siyang kapuspusan ng Diyos, ang kapuspusan ng pagka Diyos, na Kaniyang inalay ang Kaniyang mahalagang buhay; hindi inalis sa Kaniya, kundi taos-puso at kusa na inalay ito, na amin Siyang matamasa sa kapuspusan ng Kaniyang Presensiya, doon sa kaluwalhati ng Shekinah na Kaniyang pinananahanan; na ang aming mga kaluluwa ay mapaging banal ng Dugong iyon, na ang dakilang Espiritu Santo Mismo ay makapanahan sa amin. At kami’y nagiging mga guro, mga propeta, at iba pa, sa mga tao, sa kanila, Panginoon, na nangangailangan; mga kaloob ng Diyos; Ang Diyos Mismo na nahahayag, ipinagningas ang mga dakilang kaloob ng Diyos, sa harapan nitong modernong kapanahunan.

<sup>103</sup> At ang magaspang na pananalita, Panginoon, na bilang isang sira-ulo. At alam namin, na sa araw na ito, na kailangan minsan

kapag ang mundo ay nabubulok gaya ng simbahan sa araw na ito, maka-anib lamang sa mga bagong simbahan at mga bagong denominasyon. Ang isang taong dumarating na taglay ang Salita ay itinuturing na isang sira-ulo, isang taong nasisiraan ng bait. Tulad ng dakilang apostol na si Pablo, na hinubog upang maging isang taong may teolohiya, isang saserdote, at gayon pa man ay sinabi niya na naging hangal siya, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Nilisan niya ang kaniyang edukasyon, upang ang mga tao ay...mapakinggan ang magagaling na pananalita. At ang sabi niya hindi siya dumating sa pamamagitan ng kagalingan ng pananalita at karunungan ng tao, na ang kanilang pananampalataya ay mababatay sa mga gayon. Kung paanong lumihis ang iglesya sa mga gayon sa araw na ito, gaya ng kaniyang naihula, “Sa aking pag-alis, magsisipasok sa inyo ang mga lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan.” Subalit sinabi niya sa kanila na pumarito siya, “sa kapangyarihan at mga kapahayagan ng Espiritu Santo,” upang ang kanilang pananampalataya ay mapasa sa Diyos. Ama, naging isa siyang hangal, sa mundo, upang makilala si Jesus.

<sup>104</sup> At kaya gayon din kami sa araw na ito, Panginoon. May mga taong nakaupo rito na itinuturing na mga baliw, sapagkat lubusan silang nananampalataya sa Diyos para sa kanilang kagalingan, sa kanilang Walang Hanggang paroroonan. Itinaya nila ang kanilang reputasyon, sa pagsamba sa Kaniya! Pinasasalamatang Siya, pinupuri Siya, nagbibigay laya sa kanilang espiritu, upang sambahin ang Diyos; itinuturing silang mga baliw. Datapuwat Iyong sinabi, na, “Ang—ang kamangmangan ng Diyos,” kung mga hangal nga kami, “higit na malakas at higit na matalino kaysa karunungan ng tao: dahil ang tao, sa pamamagitan ng karunungan, ay hindi nakilala ang Diyos. Subalit sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral, nakalugod sa Diyos na iligtas sila sa dapat iligtas.” Aming dalangin, Diyos, na ang dakilang may Akda ng Salitang ito ay bumaba sa gabing ito at pagalingin ang maysakit, iligtas ang mapapahamak. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>105</sup> Inihalintulad ko ang Diyos, upang hindi kayo malilito sa kung ano ang sinasabi ko ngayon; Ang Diyos ay isang dakilang Brilyante, ang Walang Hanggan.

At kung mailabas na ang brilyante sa mga asul na bato ng Africa, nakarating na ako roon sa mga minahan at nakita ko ang kanilang malalaking...kung papaano nila ito inihahanda at inilalabas ang mga brilyante, kung papaano ito dumadaan sa tagadurog, at ang mga malalaking mangasul-ngasul na brilyante, lumalabas ang mga itim na brilyante. Wala silang gaanong anyo, tiyak na anyo. Malalaking bato lang sila. At, totoo, wala pa silang taglay na matinding kislpa sa umpisa. Mga brilyante lang sila, bato; pabilog, pinakinis, karamihan sa mga



ito. Subalit kailangang tapyasin ang brilyanteng ito. Ngayon, labag sa batas magkaroon ka ng isa nito na hindi natapyas. Kailangang matapyas ito at pagkatapos ay kailangan mo ng resibo kung saan mo ito nabili, 'pagkat milyun-milyong dolyares ang naroon doon.

At inihalintulad ko ang Diyos sa brilyanteng iyon.

<sup>106</sup> Ngayon, kailangang matapyasan ang brilyante upang maipaaninag nito kung ano ang nasa loob nito, ang apoy na naroon sa brilyante. Kailangang matapyas ito sa bawat munting paraan, bawat munting hugis, may tatlong tulis. Lagyan mo ng tatlong tulis ang isang brilyante, at isang liwanag laban dito sa isang bagay na may tatlong tulis ay magbibigay sa iyo ng pitong kulay, kita n'yo, maglilikha ito ng pitong kulay.

<sup>107</sup> At ngayon pansinin, "Ang Diyos ay nasagutan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan." Kita n'yo, nasugatan Siya, nabugbog, yaong dakilang Brilyante, upang mula sa Kaniya ay maisalarawan ang mga kaloob ng Iglesya.

At ito'y hindi ang liwanag; sapagkat, kailangang magbalik ang liwanag, kung wala nang araw ito, sa kung saan tinapyas ito.

Ngunit bawat maliliit na piraso na nanggagaling roon sa pinagtapyasan ay hindi sinisira; may pinaggagamitan ito. Ginagawa ang marami sa mga ito na mga karayom na Victrola. At naghahatid ang mga karayom na iyon, na napira-piraso mula roon sa brilyante, naghahatid ito ng musika na inihanda naman sa loob ng isang rekord.

<sup>108</sup> At umaasa ako na inyong nakita ang ibig kong sabihin. Ang tapyas na buhat kay Cristo, ang kaloob na galing kay Cristo, inilagay sa Biblia, ay nangungusap ng mga natatagong hiwaga ng Diyos sa mga mananampalataya. Nalalaman Niya ang lihim ng puso. Kilala Niya ang bawat tao. Naniniwala ba kayo riyang?

Hindi maaaring makapagsasabi ang brilyante, "Nakita mo ba kung ano ako?" Ito'y sa kung saan siya nanggaling. Ang brilyante ay isang brilyante dahil galing ito sa isang brilyante.

<sup>109</sup> At ganiyan nga ang paraan ng mga kaloob ng Espiritu, sa isang . . . sa isang tao, isang bahagi ito niyaong Brilyante. Isinugo ito, ipinadala ito sa ibaba, at dinala bilang isang kaloob, upang magpaliwanag, upang mangaral, upang magturo. Mayroong limang espirituwal na kaloob; mga apostol, mga propeta mga guro, mga pastor, mga evangelista, at lahat sa kanila'y para sa ikatitibay ng Katawan ni Cristo. At gaya ng may totoong mga guro, mga pastor, ay kailangan mayroong mga propeta. Alam natin iyan.

<sup>110</sup> At naniniwala tayong maihahayag ang Diyos nitong mga huling araw, sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, doon sa piniling Binhi, ayon sa Biblia, sa anyong propeta. Tumpak na tumpak

iyang sa Salita. Hindi sa ang tao ay Diyos, kundi yaong kaloob ay Diyos. Kita n'yo? At iyang ang karayom.

Ngayon, hindi magagawang patugtugin ng aspili iyang rekord ng tama. Ang isang karaniwang karayom sa pananahi ay hindi makapagpapatugtog nito ng tama. Ngunit ang isang brilyante, pinakamagaling ito. Napakalinaw ng tugtog nito, ang isang karayom na may tulis-brilyante.

<sup>111</sup> Nawa ang Diyos, sa gabing ito. . . Ang talaan ninyo ng buhay, maging anuman ang suliranin mo, maging anuman ang iyong kahilingan sa Diyos, nawa ang dakilang Guro na Siyang humahawak ng karayom sa Kaniyang kamay, nawa'y ilagay Niya ito sa iyong buhay at ipahayag sa amin kung bakit narito ka ngayon, kung ano ang iyong minimithi; kung gayon malalaman natin na naririto Siya.

<sup>112</sup> Amang Makalangit, maaari Mo bang itulot ito bago ko umpisahan ang pila ng ipananalangin, hindi ko nilayon na gawin ito, datapuwa't maaari Mo bang itulot ito, upang malaman ng mga tao. Marahil may mga estranghero rito na ipananalangin. Hindi ko sila kilala, datapuwa't kilala Mo sila. At sinabi ni Pablo, "Kung magsasalita ka ng mga wika, at walang magpapaliwanag o hindi magbibigay ng ikatitibay, sasabihin ng mga tao na nababaliw kami. Subalit kung may isang manghuhula at ipahahayag kung anong nasa puso, kung gayon ay sasabihin nila, "Tunay na ang Diyos ay nasa inyo." Muli itong itulot, Diyos, sa gabing ito. Ipinangako Mo ito, at ito kaya'y magiging gayon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo Amen.

<sup>113</sup> Ngayon hindi ko alam kung ilan ang maysakit dito sa gabing ito, na naririto? O mayroon bang ibinigay sa inyo si Billy na ipananalanging. . . ? May mga tarheta ba ng panalangin na naipamigay? [Nagsabi ang mga kapatiran, "Opo."—Pat.] Mayroon pala. Buweno, sa palagay ko bawat maysakit ay may kard ng panalangin, subalit hindi ko alam kung ano ang isinulat n'yo roon. Sa palagay ko ipinamigay lamang niya sa inyo ang kard; sinulat n'yo kung ano ang gusto n'yong ilagay roon. Iyan nga ba? Natanggap lamang ang tarheta; isulat n'yo roon anuman ang nais n'yo.

<sup>114</sup> Hindi ko kayo kilala. Ilan sa inyo rito ang nakakaalam na hindi ko kayo kilala, at gayon man maysakit kayo, at sasabihin n'yo ito, "Ano man ang narinig ko na sinabi mo ngayon, 'Ang Diyos sa likod ng mga balat. Ang Diyos sa likod ng balat ng tao, ikinukubli ang sa Kaniyang Sarili'?" Subalit kung mayroon kayong mga espirituwal na mata, idilat n'yo at makikita n'yo Siya, makikita n'yo kung Sino Siya. At sampalatayanan n'yo iyan. Ang sabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin ay gagawin din naman Niya ang mga gawang Aking ginagawa; lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat

paroroon Ako sa Ama.” Ngayon, kung sumasampalataya kayo rito ng buong puso ninyo!

<sup>115</sup> Ilan ba sa mga naririto ang may sakit, at nakakaalam na hindi ko kayo kilala, hindi alam kung ano ang suliranin ninyo? Itaas lamang ang iyong kamay, sabihin mo, “Maysakit ako. May pangangailangan ako.” Ilan ba ang may minimithi sa kanilang puso, walang sakit, subalit mayrong minimithi? Alam n’yo ba kung ano . . .? . . . Mabuti. Wala dito kahit isa, na aking nakita, datapuwat kung sino man ang tumaas ng kanilang kamay. Ngayon, hindi ko alam. . .

<sup>116</sup> Kilala ko ang lalaking nakaupo rito. Nakatitiyak akong si Kapatid na James iyan, at sa palagay ko’y si Kapatid na babaing James iyon. Si Kapatid na Ben, kilala ko ‘yan. Ang mga mukha n’yo lang, paminsan-minsan; ang kapatid na kumukuha ng mga larawan. Subalit ang. . .

Hayaang may isang tao roon sa likuran, kahit saan, lamang. . . Ako—ako—hinahamon ko ito, na siyang batayan, at sa pagwawakas ng Mensaheng ito.

<sup>117</sup> Alam n’yo bang ipinangako ito ng Diyos na magaganap nitong huling mga panahon? Siya ang may gawa ng pangako. Kita n’yo? Ngayon hindi ko magawang mangyari pa ito. Kita nyo, ako—ako’y hindi makagagawa niyan. Kailangan Niyang gawin iyan. Siya ang Isang Iyon na gumagawa nito; hindi ako. Ngunit sumasampalataya ako sa Kaniya, o hindi ako maaaring tumayo rito na mangusap sa isang bagay na hindi ko pinaniniwalaan. Ngayon, manalangin kayo, at sabihin n’yo, “Panginoong Jesus, tinuro sa akin ng Biblia na Ikaw ay isang Dakilang Saserdote sa mga sandaling ito ngayon, na maaaring mahabag sa aming mga kahinaan.” Hindi mahalaga sa akin kung ano ang inyong kalagayan. At sabihin mo lamang, “Sinampalatayanan Kita. At, sa pamamagitan ng pananampalataya, sumasampalataya ako sa ipinangusap ng lalaking iyan ngayon.”

<sup>118</sup> Iyan ang sinabi sa akin ng Anghel, “Paniniwalaan mo ang mga tao sa iyo.” At kung sasabihin ko ang Salita ng Diyos, hindi ito “sumampalataya ka sa akin,” kundi ito’y “sumampalataya ka sa Salita.”

Kung hindi ito ayon sa Salita, kung gayon huwag mo itong paniwalaan. Ngunit kung sa paniwala mo ito ay ang Salita, kung gayon, maging ano man iyon, manalangin ka at manampalataya ka, at tingnan kung maaari pa rin Niyang ihayag kung ano ang nasa iyong puso.

<sup>119</sup> At alam ng sinuman na sinabi ng Biblia, na, “Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso.”

Ganiyan kung paanong nakilala ni Abraham na iyon na nga ang Diyos, nang sabihin Niya kung ano ang sinabi ni Sarah

doon sa tolda, kung ano ang kaniyang iniisip; nang sinabi Niya, “Dadalawin kita,” at iniisip si Sara sa kaniyang puso, “Hindi ito maaaring maging gayon.”

<sup>120</sup> Ngayon, sinabi ko naririto Siya upang paggalingin ka. Ano sa paniwala mo? Kung sumampalataya ka lamang! Ngayon, wala akong magagawa, wala akong tiyak na paraan; alam ng Makalangit na Ama iyon. Kita n’yo? Titingnan ko lang ito. At kung ano ang makikita ko, sasabihin ko; at kung ano ang hindi ko—ko nakita, mangyari pa, hindi ko maaaring sabihin. Ngunit Siya’y mas hihigit na Diyos! Makapagpapalakas ba iyan ng inyong pananampalataya, kung gagawin Niya ito?

Ang mangangaral ng ganiyan, minsan ay nawawala ako. Subalit naririto Siya. Nararamdaman ko iyan. [Huminto ng sandali si Kapatid na Branham—Pat.]

<sup>121</sup> Masdan ang isang lalaki na nakayuko ang kaniyang ulo, sa banda *rito*. Ang kaniyang maybahay nakaupo sa tabi niya, nanalangin, din. Sa banda *rito*. May isang bagay sa iyong puso. Ang iyong may bahay, ay nanalangin. Mayroong kabigatan sa iyong puso. Ito’y tungkol sa iyong biyenang babae. Tama iyan. Sumasampalataya ka ba na sasabihin sa aking Diyos kung ano ang problema ng biyenan mong babae? Hindi kita kilala. Hindi tayo magkakilanlan sa bawat isa. Kaya tama ba iyan? Sumasampalataya ka ba sa Diyos na kayang sabihin kung ano ang kaniyang problema? Wala siya rito. Nakita kong may kalayuan; nasa silangang bahagi siya buhat dito. Nasa Ohio siya. Tama ’yan. Naghihirap siya sa isang kalagayan tungkol sa dugo. Bigyan mo ang iyong maybahay ng panyo riyan, humahagulhol siya, ilagay mo sa kaniya. Huwag kang mag-alinlangan; gagaling siya. Sinasampalatayanan mo ba iyan?

<sup>122</sup> May isang munting babae rito na nakaupo sa aking harapan. Umiiyak siya. May problema sa bata, hindi ko alam. . . Hindi, hindi ito problema. Mayroon lang siyang pina-aasa. Gustong-gusto niyang makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sumampalataya, anak, matatanggap mo Ito. Tama iyan. Huwag kang mag-alinlangan.

<sup>123</sup> May isang munting babae dito sa may dulo ng hanay. Nananalangin siya Hindi ko siya kilala, ngunit may umaanino sa kaniya. May mga operasyon ka. Kung tayo’y hindi magkakilala sa isa’t-isa, sa paniwala ko. Hindi kita kilala. Hindi mo ako kilala, maaaring naririnig lang siguro ako. Hindi ka taga rito. Isa kang estranghero sa amin. Ikaw ay taga-Wisconsin. Ang lungsod ay Milwaukee. At kanser ang iyong problema; ito’y sa iyong dibdib. Madalas kang operahan, ngunit hindi nagtagumpay. Payagang ang pananampalataya, na humipo sa laylayan ng Kaniyang damit, sampalatayanan mo ito ngayon. Itanim mo ito sa iyong puso; mangyayari ito. Mananampalataya ka lamang!

124 May isang lalaki na nakaupo sa isang sulok dito. Idinadalangin niya ang kaniyang ina. Isang estranghero siya sa akin. Hindi ko siya kilala. Datapuwat nananalangin siya para sa kaniyang ina. At ang kaniyang ina ay mayroong sakit na katulad ng babaing ito, kanser. O, natatakot siya rito, na ito nga. Narito ang isang lalaki na iyong idinadalangin, at may problema ang lalaking iyon sa kaniyang likod. Siya rin, ay, nakita ko siyang lango. Isa s'yang lasenggo. Iyong kapatid na lalaki. Hindi ka tagarito. Taga-Illinois ka. Sumampalataya ka ba na sasabihin ng Diyos sa akin kung ano ang iyong pangalan? Farmer. Tama ba iyan? Itaas mo ang iyong kamay. Sumampalataya ka!

125 May isang nakaluhod dito para sa isang tao, nanalangin, may isang nakaratay sa isang tiheras. Mabuti. Sumasampalataya ka ba na ang narinig mo, ay siyang Katotohanan, babae? Sumasampalataya ka. Kung kaya kitang pagalingin, gagawin ko iyan. Subalit tapos ka ng pinagaling ni Cristo, nakita mo. Sampalatayanan mo lamang ito. Ang nakatayong babaing iyon, ay nananalangin, nananalangin sa iyo para hipuin ka. Hindi kita kilala, subalit kilala ka ng Diyos. Ikaw ay mula sa ibanga bayan, din. Tama iyan. Ikaw ay taga-Illinois. Tumpak na tumpak iyan. Ang tawag sa lungsod na iyon ay East Moline, Illinois. [Ang sabi ng kapatid na babae, "Iyan ang lungsod kung saan ako isinilang."—Pat.] Naghihirap ka sa kanser. Asawa ka ng isang ministro. Sumasampalataya ka ba? ["Opo."] Mamamatay ka, na nakaratay roon. Bakit hindi mo siya tanggapin sa gabing ito, at sabihing, "Gagawin ko, sa aking puso, sa pamamagitan ng pananampalataya na higit sa alinmang bagay nito, sumasampalataya ako na pinagaling na ako. Nasa Presensiya ako ng Diyos." Tumindig ka, sumampalataya, at umuwi ka at gagaling ka. Heto na siya.

Sumasampalataya ba kayo buong puso? [Ang kongregasyon ay masayang-masaya—Pat.] Papurihan natin ang Diyos.

126 Amang Makalangit, pinasasalamatan Ka namin sa lahat ng Iyong kabutihan at kaawaan. Pinasasalamatan Ka namin, sapagkat, naririto Ka pa rin, mismo sa kalagitnaan ng lahat ng kabagabagang ito. Sa mundong ito na binaluktot, gayon pa man Ikaw ay narito. Payagang ang Iyong Espiritu, Panginoon, ay manatili sa amin tuwina. Nalalaman naming Ikaw ay naririto, ang Diyos sa balat nito, sa puso ng mga tao; nagbibigay ng pananampalataya, at kapahayagan, at pangitain. Ikaw ang Diyos ng Iyong Iglesya, ang Diyos ng Iyong bayan. Pinasasalamatan Ka namin para dito, Panginoon. At sumasampalataya nawa ang bawat isa, sa gabing ito, sa gabing ito, sa pagkakaisa, at nawa'y pagalingin sila. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, ang siyang dalangin ko. Amen.

127 Ilan ba sa inyo banda riyan ang may mga kard ng panalangin, sa gawing *iyon*? Silang nariyan sa gawing *iyon* ay payagang, umurong, lumapit kayo sa bandang gitna na daanang *ito*. Kayo

namang nariyan sa daanang *iyon*, lumapit kayo sa daanang *ito*, pumila lang kayo, lumapit kayo sa daanang *ito*. Kung maaari, pagkatapos na pagkatapos nila, ang pilang *ito* ay lumipat doon sa kabila.

<sup>128</sup> Lumapit kayong mga matatanda sa iglesya. Si Kapatid na Roy, pagpalain ka ng Panginoon; hindi ko alam na nakaupo ka riyon. Kailangan ko ang mga diyakono ng iglesya na lumapit dito kaagad, kung maaari silang makalapit kung saan man sila naroroon. Lumapit kayo rito para sa munti ninyong tulong.

Nais ko na ang bawat isa ay ipanalangin, itaas ang inyong kamay, at sundan n'yo ako sa aking sasabihin.

Panginoon, [Ang kongregasyon, "Panginoon,"—Pat.] Sumasampalataya ako. ["Sumasampalataya ako."] Tulungan Mo ang aking kawalan ng pananampalataya. ["Tulungan Mo ang aking kawalan ng pananampalataya."] Sumasampalataya ako ["Sumasampalataya ako"] na sa Iyong Presensya, ["na sa Iyong Presensya,"] habang sumusunod ako sa Iyong Salita, ["habang sumusunod ako sa Iyong Salita,"] at ang aking . . . ang mga kamay na nakapatong sa akin sa gabing ito, [at ang mga kamay na nakapatong sa akin sa gabing ito,] tatanggapin ko ang aking kagalingan, ["tatanggapin ko ang aking kagalingan,"] sa 'Ngalan ni Jesus. ["sa 'Ngalan ni Jesus.""] Amen. ["Amen.""] Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>129</sup> Masdan ngayon. "Ang panalangin may pananampalataya ang magpapagaling sa maysakit. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, gagaling sila." Sinabi niya kay Noe na uulan noon. Hindi ito—hindi Niya kailanman . . . Hindi ko sinasabing, "Pagkatapos na pagkatapos na—na maipanalangin kayo, magaling na kayo." Ang Sabi Niya, "Gagaling sila."

<sup>130</sup> Sinabi Niya kay Noe na uulan. Hindi umulan sa loob ng isang daan at dalawampung taon, subalit umulan din.

Sinabi Niya kay Abraham magkakaroon siya ng isang anak kay Sara. Hindi ito nangyari sa loob ng dalawampung-limang taon, subalit nagkaron siya.

Sinabi kay Isaias na may isang birhen na maglilihi. At hindi ito nangyari sa loob ng walong daang taon, ngunit naglihi ang birhen.

Tama ba iyan? Ipinangako Niya ito! Gaano man katagal iyon, gagawin Niya iyon, sa ano mang paraan. Sampalatayanan n'yo ito.

<sup>131</sup> Lumapit tayo sa unahan ngayon. Pangunahan tayo ni Kapatid na Capps sa mga awitin. Kinuha n'yo na ba ang mga kard? Ngayon lahat tayo ay manalangin ngayon.

<sup>132</sup> Ama naming Makalangit, susundin namin ang Iyong mga utos sa pamamagitan ng pagpatong ang aming mga kamay sa mga maysakit na ito. Hindi ko alam kung ano pang bagay

ang gusto Mong gawin, Panginoon, dahil Iyong sinabi, sa Iyong Salita, Iyong binayaran ang kanilang kagalingan. Pinatunayan Mo na naririto Ka sa amin sa gabing ito, ang Salitang madaling kumilala ng mga haka-haka ng puso. Pinatunayan Mo iyan, na narito Ka sa amin. At dalangin ko sa, Iyo, Ama, na ang Iyong Salita, na hindi nabibigo, ay maging tunay at totoo sa bawat puso! Na Iyong sinabi, “Kung sasampalatayanan mo ito; huwag mag-alinlangan, kundi sumasampalataya rito; sabihin mo sa bundok na ito, ‘Lumipat ka,’ at huwag mag-alinlangan, datapuwa’t sumasampalatayang mangyayari ito!” Hindi Niya sinabi kung kailan.

<sup>133</sup> Sinabi Mo sa mga tao, sa Pentekostes, na pumaroon sila at maghintay. Hindi Mo sinabing mga oras, mga araw; Iyong sinabi, “hanggang.” Ngayon lumalapit sila upang tanggapin ang kanilang kagalingan. Nawa’y wala na silang isipin pang iba liban sa kanilang kagalingan, hanggang sa dumating ang pagpapalaya. Tumatalima kami sa Iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aming mga kamay sa kanila, bilang mga mananampalataya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>134</sup> Mabuti, lumapit na tayo ngayon. [Si Kapatid na Branham at ang mga kapatiran ay nagpatong ng kanilang mga kamay sa mga tao, at ipinanalangin ang bawat isang nakapila. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Pinagaling na kayo. Pagpalain kayo ng Diyos. Mabuti iyan. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.]

Lahat ng mga bagay ay posible,  
manampalataya lamang;  
Manampalataya lamang, manampalataya  
lamang  
Lahat . . .

Panginoong Jesus, idinadalangin ko ang mga panyong ito ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ano kaya kung papalitan natin ang mga salita niyon:

Ngayon ako ay sumasampalataya, ngayon  
ako’y sumasampalataya,  
Lahat ng mga bagay ay posible, ngayon ako’y  
sumasampalataya;  
Ngayon ako ay sumasampalataya, ngayon ako  
ay sumasampalataya,  
Lahat ng mga bagay ay posible, ngayon ako ay  
sumasampalataya.

<sup>135</sup> Sumasampalataya ba kayo na anumang inyong hiniling at ninasa ay ipagkakaloob? [Ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mangyayari ito.

<sup>136</sup> Nakita ko, habang dumaraan ako sa pila kanina, ang ilan sa aking mga kaibigang Italyano na buhat sa Chicago. Ilan ba sa inyo ang nakakilala kay Kapatid na babaing Bottazzi na mula sa Chicago? Buweno, alam n’yo, mayroon siyang

isang—isang problema sa kaisipan, isang matinding nerbiyos kamakailan lamang, malala, malalang-malala. Subalit isang umaga sa Chicago roon sa isang almusalan ng Christian Business Men, sinabi ko sa kapatid na babaing ito, sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo. Lumipat siya muli sa kabila, at hindi niya kayang pigilin ang kaniyang sarili. Ang sabi ko, “Kapatid, hindi mo kaagad-agad malalagpasan ito, subalit gagaling ka rin.” Ang sabi ko, “Marahil ito ay labing walong buwan, o dalawang taon, sa saklong na iyan ikaw ay gagaling.”

<sup>137</sup> Noong nakaraang araw habang nakikipag-usap ako sa kaniya. . . Narinig ko siyang nagpatotoo, galak na galak, ang pinakamaligayang sandali na nararanasan niya sa buong buhay niya. Habang nakasakay siya sa kotse. Wala siyang kapayapaan, tila ba ang Presensiya ng Diyos ay umalis sa kaniya; mangyari, sanhi ito ng nerbiyos sa isip niya, alam n’yo na; at bigla na lamang bumalik ang isang dakilang daloy ng kaligayahan, at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nasa kaniya. Umiyak siya ng mainam, sumisigaw siya, siya—siya ay may. . . Mayroon silang malaking pagdiriwang, may mga tatlo o apat na mga linggo ang nakalipas, o isang buwan. At narinig ko siyang nagpatotoo, noong pangatlong Linggo, at ang sabi niya, “Kapatid na Branham, nang gumaling ako, tinandaan ko iyon at itinabi ang teyp. At ito’y eksaktong labing walong buwan, nang araw na iyon.” Amen.

Mahal n’yo ba Siya? [Ang sabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Di ba kahanga-hanga Siya? [“Amen.”]

<sup>138</sup> Ngayon, ang siya ring Espiritu Santo na makapanghula ng tamang-tama, na hindi pa nagmintis ng minsan, sa lahat ng taong ito; at, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, ay sinikap na ilantad sa inyo ngayon na ang Diyos ay hindi isang bagay na kumukupas o isang bagay ng kasaysayan. Isa Siyang buhay, pangkasalukuyan, ang Kaniyang Salita na naihayag. Nagkubli ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng iyong lambong ng tao, sa kaniyang iglesya, inihahayag ang Sarili niya sa pamamagitan ng iyong pananampalataya at aking pananampalataya, na nagkaisa, na nagkabuklod, upang buihin ang isang katawan ng Diyos. Wala akong magagawa kung wala kayo; wala kayong magagawa kung wala ako, alinman ay walang magagawa kung wala ang Diyos. Kaya, ang pagkabuklod ay bumubuo ng isang katawan, ang magkakadugtong. Isinugo ako ng Diyos para sa layunin; paniwalaan n’yo ito; at doon nga nagaganap. Ganoon nga iyon, kita n’yo, napatunayan iyon ng lubusan.

Hindi mahalaga sa akin kung ano ang iyong problema, kung ano ang sabi ng iba; kung, mula sa inyong puso, sumasampalataya kayo na kayo ay gagaling, walang anuman na makakahadlang nito. Gayon Niya ito sinabi. At ang sabi Niya, “Ang langit at lupa ay lilipas, datapuwa’t ang aking Salita ay



hindi mabibigo.” Sumasampalataya ba kayo riyan? [Nagsabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>139</sup> Ilan sa inyo ang mananalangin sa akin sa mga iba pang pagtitipon na aking dadaluhan? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Isa ako sa nangangailangan ng panalangin. Kita n’yo? Tumanggi nang lahat sa akin, kita n’yo, ngunit kayo, at mangyari ay may Binhi pa roon sa labas.

<sup>140</sup> Sumulat ako sa South Africa. Ayaw nila akong payagang pumunta liban kung pirmahan ko ang isang papel na ako’y “magbabautismo, sa bahaging iyon, maikatlong beses ang lahat; isa para sa Ama, at ang isa para sa Anak, at ang Espiritu Santo, na pataob. Sa kabila naman, patihaya akong magbabautismo, isa para sa Ama . . . At ituro na iyan ang Doktrina.”

Sumulat ako sa kanila. Ang sabi ko, “Inudyukan ako ng Espiritu Santo, mga ilang taon na ang nakakaraan, na muling pumunta sa Africa. Nais Niyang gamitin ang aking ministryo roon na kung saan tatlumpong libo ang tumanggap kay Cristo isang hapon noon.” Ang sabi ko, “Alalahanin n’yo, ang dugo ng mga kaluluwang iyon ay mapasainyo, at hindi sa akin. Nag-alok akong pumunta, subalit tinanggihan ninyo ito.”

Nagtataka ako sa kung ano kaya ang mangyayari sa araw na ito kung si Jesus, ang Anak ng Diyos ay itinulak palabas sa iglesya, ang itinakwil na Salita? Ngunit sa—sa lahat nang iyan, inihahayag pa rin Niya ang Kaniyang sarili sa Kaniyang bayan. Hindi ba kayo makapagpapasalamat para rito? [Nagsabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>141</sup> Habang dumaraan ako, sa gabing ito, pinapatong ang aking mga kamay sa kanila, ilang matatandang mga kababaihan, ilang mga bata, ilang matatanda, ilan mga kabataang lalaki, matatandang kalalakihan, na basang-basa tulad ko. Sa loob-loob ko, “Habang nakaupo roon, nakikinig sa Salita habang nakaupo roon na ipinapalagay ng mundo na kabaliwan ito.” Kita n’yo? Sila ang—sila ang tornilyo. Kita n’yo, narito ang Diyos upang mairiskas ito, palayain kayo mula sa inyong mga karamdaman. Isang pangako ito ng Salita. Alalahanin lagi, magsisimula itong hihigpit, “Palalapitin ko sila; kung ako’y itataas, palalapitin ko sila.” Kuhanin Niya ito mula sa inyo. Tiyak na gagawin Niya. Sampalatayanan mo lamang Siya, sumasampalataya ka sa Kaniya. Huwag mag-alinlangan sa Kaniya. Sampalatayanan Siya.

<sup>142</sup> Idalangin n’yo ako. Kapag wala na kayong maala-alang ipananalangin, alalahanin n’yo lamang ako.

At sa ating muling pagkita! sa muling pagkita!  
Sa muling pagkita . . .

Salamat sa mga dumalo na galing sa malalayong biyahe. Ingatan kayo ng Diyos sa inyong pag-uwi!

Sa muling . . .

Magbatian ang lahat ng Cristiyano, batiin n'yo sila, mula sa pangkat na ito rito. Ang kapayapaan ng Diyos ay sumasainyo! Kapayapaan!

Sumainyo ang Diyos hanggang sa muli nating pagkikita!

[Nagsimulang ihimig ni Kapatid na Branham ng *Sumainyo ang Diyos—Pat.*] . . . hanggang sa muli nating pagkikita!

Sa muling pagkikita! Sa muling pagkikita!  
Sumainyo ang Diyos hanggang sa muli nating pagkikita!

<sup>143</sup> Galak na galak ako. Nakita n'yo, may ilang, maraming mga bagay na hindi ko alam, ngunit may ilang mga bagay na alam ko. Nagpapasalamat ako sa inyo. Nagagalak akong makasama kayo. Nagagalak ako na maging isa sa inyo. Sumainyo ang Diyos. Gagawin Niya iyon. Hindi Niya kayo iiwanan. Hindi Niya kayo pababayaan. Hindi Niya kayo iiwanan. Nakapasok na kayo sa lambong ngayon. Kita n'yo?

<sup>144</sup> Nagagalak akong makita si Kapatid na Palmer ngayong gabi, isa sa ating mga katuwang na pastor sa dakong ito, na galing Georgia. Si Kapatid na Junior Jackson ay naririto ngayon sa gusali kung saan, doon sa gawing likuran, natutuwa tayong makapiling siya. Si Kapatid na Don Ruddell na nakaupo sa banda rito. Oh, napakarami nila! Hindi ko alam, kung mayroon akong makaligtaang banggitin . . . si Kapatid na Ben Bryan dito, at marami pang iba sa banda rito, mga mabubuting kapatid, si Wilbur Collins. Nagagalak kaming makapiling kayong lahat dito.

Ano kaya kung tumungo tayo ngayon, sumandali. Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

Sa muling pagkikita!

Sa muling pagkikita sa paanan ni Jesus; Sa muling pagkikita!

. . . sa muling pagkikita!

Sumainyo ang Diyos hanggang sa muli nating pagkikita.

<sup>145</sup> Dama n'yo ba ang pakikisamang napakalapit sa Espiritu?


Ating ihimig ito. [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay nagsimulang ihimig ang *Sumainyo ang Diyos—Pat.*]

Napansin ko si Kapatid na Mckinney, mula sa Ohio, kapiling natin. Si Kapatid na John Martin at ang kanyang kapatid. Nagagalak ako na makapiling kayong lahat. Hindi ko na marahil kayo makikita, mga kapatid. Kilala Niya kayo.

Hanggang sa muling pagkita! Nawa ang aking puso at ang sa inyo, kalakip sa puso ng Diyos, ay magkaisa hanggang sa ating muling pagkita! [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay patuloy sa paghimig ng *Sumainyo ang Diyos—Pat.*]

Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa pananalangin.

<sup>146</sup> Sinisikap naming malaman ng bawat ministro na nagagalak kami na makapiling kayo, lahat ng miyembro, kayong mga taga Tennessee, Ohio, at sa buong bansa. Mga ilang kababaihan ang nakasalamuha ko rito ngayon, na nanggagaling pa sa Boston. Ang ating mga kulay kape na mga kapatid ay narito, kaninang umaga, na galing din sa lugar na iyon. Kaya marami ang nanggagaling kung saan-saang bahagi ng bansa; pinasasalamatan ko kayo, mga mahal ko at matatapat na kaibigan. Ang Diyos ay sumainyo. Ang tawag ko sa inyo ay kaibigan. Naalaala n'yo ba kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol diyan? “Mas malapit kaysa isang kapatid,” siyanga, isang kaibigan. Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon. . . Hanggang sinisikap nating magkikitang muli sa mga susunod na ilang araw, sumainyo ang Diyos.

<sup>147</sup> Nais kong humuling sa ating mabuti, matapat na kapatid, si Kapatid na Richard Blair, kung nais niyang tapusin sa isang panalangin. Kapatid na Blair. 

*ANG KAKATWANG TAO* TAG64-0614E  
(The Oddball)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng gabi, Hunyo 14, 1964, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 2000 ng:

TAGALOG

©2000 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)